



**M · M · B · L**  
MATH MAJOR BE LIKE

**MAÚGNAYING TALÁSÁLITAANG PANG-AGHÁM**  
*INTEGRATED SCIENCE VOCABULARY*  
**Inglés-Pilipino**  
*English-Pilipino*

**LINANGAN NG WIKANG PILIPINO**  
Itinatág sa Tangkilik ng UNESCO

hangò mulâ sa  
**LUPON SA AGHÁM**  
Ikalawáng Hipnô  
Taóng 1969

galing sa múlaang akdâ ni  
**GONSALO DEL ROSARIO**  
Patnugot

siping minulinyós ni  
**Benrie "TRENT" Palma Buco**  
Tagápangasiwà sa MMBL

# PÁUNANG SALITÂ

- Sa mgá gurong magtuturò ng aghám sa mgá batang Pilipino sa pamámagitan ng wikang Pilipino—at sa mgá magháhandâ ng mgá kákailangáning aklát-aralán;
- Sa mgá Pilipinong nagpápakádalúbhasà sa wikang Inglés, upang matulúngan siláng maúnawaan ang kahulugán ng mahihírap at “malalálím” na salitáng Inglés sa aghám;
- Sa mgá Pilipinong nagpápakádalúbhasà sa wikang Pilipino, upang matutúhan nilá ang mgá maúgnaying katawagáng pang-aghám; at
- Sa laháat ng Pilipinong paláarál, paláisíp at hindî natátakot sa mgá makábagong kaisipán.

Ang Talásálitaang itó ay isáng maúgnaying kaayusán; bawa’t tawag ay hindî nagsasarilí sa anyô, kahulugán, diwà at bigkás kundî maúgnaying bahagi ng iláng “magkákamág-ának” na salitâ.

Hindí itó aklát para sa baguhán. Itó’y aklát na sánggunián at sálíksikán ng mgá gurò, mánunulát, máng-aghám, manáanalíksík at dalúbhasà sa paggamit, pagpápaunlád at pagpápaláganap ng wikang Pilipino.

Bagamá’t ang aklát na itó ay hindî ngâ inilaán para sa balaná, ipagpápasalámat ng Lupon sa Aghám kung ang madlá ay makatagpô ng pakinábang sa ihináhandóg na katawagáng pang-aghám.

Kung ang mámbabása ay makatagpô ng isáng tawag na sa bigláng malas ay kakatwâ o hindî tumpák, bago pintasán o itúring na malí ay isaálang-álang muna sana niyá ang pagkákaugnáy ng nasábing tawag sa ibáng katawagán na may kahawíg na anyô, kahulugán, diwà at bigkás.

Gamítin ang mgá kaukuláng anyúan sa bahaging hulihán ng aklát na itó kung may nais kayóng imúngkahi.

# TALÁLAMANAN

<b>1. MGÁ PALIWÁNAG</b>	<b>4</b>
Maligayang Bati . . . . .	5
Liham sa UNESCO . . . . .	6
Umaasa ang Bayan sa Lupon sa Aghám . . . . .	7
Kasaysayan ng Lupon sa Aghám . . . . .	9
Taláániban ng Lupon sa Aghám . . . . .	11
Maúgnaying Talásálitaan sa Pagtuturò ng Aghám . . . . .	15
Susi ng mgá Batà sa Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám . . . . .	25
Mgá Batayán at Alituntunin sa Paghahandâ ng Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám . . . . .	28
Ang mgá Aghímuing Panambál . . . . .	30
Ang mgá Panlaping Madalás Gamitin . . . . .	33
Mgá Daglát sa Bahaging Pilipino . . . . .	35
Mgá Daglát sa Bahaging Inglés . . . . .	37
<b>2. SIPNAYAN</b>	<b>38</b>
Lahatáng Sipnayang Katawagán . . . . .	39
Palátangkasan . . . . .	43
Bilnuran . . . . .	45
Sukgisan . . . . .	49
Pánandaan . . . . .	54
Tatsíhaan . . . . .	59
Táyahan . . . . .	62
Paláúlatan . . . . .	65
Palátumbasan . . . . .	70
Mgá Ísahin ng Sukat at Sukod . . . . .	72
Mgá Sipnayang Panandâ . . . . .	73
Ang Abakadang Griyego Bilang Sipnayang Panandâ . . . . .	74
<b>3. SUGNAYAN</b>	<b>75</b>
Lahatáng Sugnayang Katawagán . . . . .	76
Tígilan . . . . .	78
Ísigan . . . . .	80
Ínitan . . . . .	82
Túnugan . . . . .	84
Súgaan . . . . .	88
Balnian . . . . .	92
Dágitbán . . . . .	94
Dágisikán . . . . .	97
Búturán . . . . .	99
Mgá Ísahin ng Sukat at Sukod . . . . .	102

Mahahalgáng Sugnayaning Lágiin . . . . .	104
Dalúbtáalan . . . . .	105
Dalúbdútaan . . . . .	109
Sigmuan . . . . .	113
Agbarugan . . . . .	119
<b>4. KAPNAYAN</b>	<b>120</b>
Lahatáng Kapnayaning Katawagán . . . . .	121
Kapnayaning Kayarián . . . . .	128
Súriing Kapnayan . . . . .	132
Haying Kapnayan . . . . .	135
Dagikapnayan . . . . .	137
Búturaning Kapnayan . . . . .	139
Mgá Batás, Símulain at Hunà . . . . .	141
Kálalangíng Kapnayan . . . . .	142
Ang mgá Mulangkáp . . . . .	145
Mgá Lárawaníng Katawagán at Kangalanán ng mgá Kapnaying Sangkáp . . . . .	148
Mgá Panambál para sa Kapnayaning Kangalanán . . . . .	149
Dagipik at Mulipon ng mgá Balangkáp . . . . .	150
Kangalanán ng mgá Dîhaying Balangkáp . . . . .	152
Kangalanán ng mgá Haying Balangkáp . . . . .	155
<b>5. HAYNAYAN</b>	<b>158</b>
Lahatáng Haynayaning Katawagán . . . . .	159
Palásíhayan . . . . .	166
Dalúbhalmanan . . . . .	168
Dalúbháyupan . . . . .	173
Háykapnayan . . . . .	189
Háysugnayan . . . . .	190
Haynayaning Gamit sa Pánaliksikán . . . . .	192
<b>6. ULNAYAN</b>	<b>195</b>
Dalúb-Ulnungan . . . . .	196
Kasaysayan . . . . .	202
Dalúbtáuhan . . . . .	206
Dalúbláhian . . . . .	208
Ágimatan . . . . .	210
Dalúbbátasan . . . . .	217
Dalúbbanwahan . . . . .	222
Pánulatan . . . . .	228
Dalúbwíkaan . . . . .	237
Dalúb-Ísipan . . . . .	240
<b>7. BATNAYAN</b>	<b>246</b>
Ang mgá Kahatián ng Batnayan . . . . .	247
Matwiran . . . . .	249
Paláásalan . . . . .	261
Palásantingan . . . . .	264
Batháalan . . . . .	267

# 1

## MGÁ PALIWÁNAG

---

Maligayang Bati . . . . .	5
Liham sa UNESCO . . . . .	6
Umaasa ang Bayan sa Lupon sa Aghám . . . . .	7
Kasaysayan ng Lupon sa Aghám . . . . .	9
Taláániban ng Lupon sa Aghám . . . . .	11
Maúgnaying Talásálitaan sa Pagtuturò ng Aghám . . . . .	15
Susì ng mgá Batà sa Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám . . . . .	25
Mgá Batayán at Alituntunin sa Paghahandâ ng Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám . . . . .	28
Ang mgá Aghímuing Panambál . . . . .	30
Ang mgá Panlaping Madalás Gamitin . . . . .	33
Mgá Daglát sa Bahaging Pilipino . . . . .	35
Mgá Daglát sa Bahaging Inglés . . . . .	37

---

# MALIGAYANG BATI

Republika ng Pilipinas  
**PAMBANSÁNG PATNUGUTAN SA PÁUNLARANG-AGHÁM**  
 (National Science Development Board)  
 Maynila

Lihim kong sinubáybayán ang mgá gawáin ng Lupon sa Aghám. Nakatútuwáng pagmasdán ang isáng pangkát ng mgá dalúb-aghám na mati-yagáng nág-áral ng kung paáno lálapatan ng tumpák na salitáng-aghám sa Pilipino ang mgá salitáng-aghám sa Inglés. Akó ay naníniwalà na darating din ang panahón na kapág ang wikang katutubò ang igigiít na iturò sa mgá mág-aarál, ang laháat ng laráingan ng aghám ay mabilís na maúunawaan at matagál na pakíkinabangan ang mgá natutúhan. Itó ay batay sa karanasán ng Bansáng Hapón na sa wikang Niponggo itinúturò ang aghám doón. Pinátutunayan ng mgá ulat dito sa atin na sa pulutóng ng 100 batang magsimulâ sa unang baitáng sa primárya, humigít-kumúlang lamang sa 40 ang nakararatíng sa mataás na páaralán o “high school,” at ang 60 ay hindi nagpapatuloy at napípilitan nang maghánapbúhay sa anumáng kapáaraan o pagkakátaóng matagpuán. Kung siláng tinatáwag na mgá “drop-outs” o tumígil sa pág-aáral ay nakaúunawà sa mgá katawagán at kahulugán ng aghám, katúlad ng mgá batang Hapón na kasínggulang nilá, silá man ay matutúlad din nitóng hulí na nakúkuhang mgá katúlong sa págawaan ng radyo, TV, auto, atb., lalò sa kalaláng o indústriya. Hindi ko namán masísisi ang sínuman sa mgá pinunò sa ating Kágawarán ng Págtuturò at talagá namáng salát na salát ang ating napápakinabángang mgá salitâ o katawagán sa aghám. Paáno ngâ namán maitúturò sa wikang pambansâ kung gayón?

Salámat na lamang at may mgá nagmámala-sakit na gumágawà ng kusang-loób na hakbáng upang malunásan ang súliranín. Ang mgá kaanib ng Lupon sa Aghám ay maiháhanay sa mgá bayáni bagamán ang kabáyanihang itinátampók nilá ay sa isáng larángang hindi pángkaraníwan. Nakahandáng ipailálím ang kapakanáng pansárlí sa kagalíngan sa Wikà at ng Bayan, ang mgá kaánib

ng Lupon at ang kaniláng mgá tagátaguyod at kapánalig ay gumágawà at naglilingkod nang waláng pasubali. Tahímik at tungó ang ulo sa paggawà upang makapág-abúloy sa ikaúunlad ng Aghám at Wikà. Anóng pambihírang kabáyanihan! Mgá matatapát na lingkúdbayan na hindi naghíhintay ng katanyagán o pabúyang waláng kabuluhán kung iháhambing sa kaluwáihatian ng sángkatáuhan. Nawá’y manátíli siláng tinátanglawán ng kalínga at biyayà ng Máykapál, magíng mata-tág silá sa panínindigan at magtaglay silá ng kalúsugang hindi magágapì ng kasawíang-palad na pagnanáis na mahandugán ang bayan ng mabísang paglilingkód.

(Lgd.) **JUAN SALCEDO, JR.**  
 Tagápangulo

TUNAY NA SIPÌ

# LIHAM SA UNESCO

## LINANGAN (AKADEMYA) NG WIKANG PILIPINO *Itinatág sa Tangkilik ng UNESCO*

1580 Abenida Taft

Maynila, Pilipinas  
January 20, 1967

### The Executive Committee

UNESCO NATIONAL COMMISSION OF THE PHILIPPINES  
1580 Taft Avenue, Manila

Sirs:

I have the honor to indorse herewith the request of our Committee on Science (Lupon sa Aghám) for the sum of P1,500.00 for the mimeographing of the pre-publication edition of their "English-Pilipino Integrated Science Vocabulary."

The pre-publication edition of the Vocabulary will consist of about 200 mimeographed letter-size pages containing about 6000 terms in all the principal fields of science and technology.

The Committee on Science was created by the **Akademya ng Wikang Pilipino** on May 24, 1964 and it undertook the science vocabulary project in Pilipino in line with the following UNESCO policies:

- 1 "Member nations of UNESCO are invited to work on the preparation of scientific bibliographies and the standardization of terminology in their national languages." (*Paragraph 2.131 of the 12C Resolutions*)
- 2 "Resolved, to endorse Working Paper No. 4BC/NS/WP/7 ... proposing a scientific documentation and information project in the Philippine National Language." (*Resolution No. 4 of the Commission on Natural Sciences, 4th UNESCO Philippines Biennial Conference, 1963. Copy attached.*)

Your records will show that the **Akademya** itself was established in the early part of 1964 as a result

of the above UNESCO policies.

For more detailed explanations on the guiding principles and objectives of this project, we refer you to the paper "An Easier Method of Teaching Science" written by Mr. Gonsalo del Rosario, Member of the **Akademya** and chairman of the Research Subcommittee of the Lupon sa Aghám. This paper appeared in the June-July 1966 issue of your "UNESCO PHILIPPINES." (*Copy attached*).

With our Committee on Science, I believe that an English-Pilipino technical vocabulary such as they have prepared will help considerably in the teaching of science to elementary school children; furthermore, the vocabulary will also be of great help to Filipinos learning science in English because the Pilipino term, being often descriptive, will give them greater insight into English scientific and technical words. We, therefore, recommend approval of their request.

Very truly yours,

(Sgd.) Jose Villa Panganiban  
**JOSE VILLA PANGANIBAN**  
President, Akademya ng Wikang Pilipino

*Encls.*  
*A TRUE COPY*

## UMAASA ANG BAYAN SA LUPON SA AGHÁM

ni Geronima T. Pecson

*Dating Tagápangulo, Pambansáng Kabáhalaan ng UNESCO sa Pilipinas  
(Talúmpating binigkás ni Gng. Pecson sa pagtátalagá sa pámunuán ng  
Lupon sa Aghám sa Bulwágang-Aghám ng NSDB noóng 12 Pebrero 1965)*

Palasák ang kasabiháng pág may ipinunlâ ay may áanihin. Kapág ang isáng tao ay nagtaním ng anumáng binhî, natútuwâ siyá kung nakíkita niyáng yaón ay tumútubò, lumálaki at nagkákasangá. Masigásig niyáng ináalagaan itó at kung sakáling sapítin ng sakunâ, gaya ng bagyó o bahâ, o siláin kayâ ng hayop na mapanirâ at mapamín-salâ, ay ginágawâ niyá ang lahát upang makatawíd sa pangánib: binábakuran, pinatútubigan at nilálagyán ng kailángang patabâ, nang sa gayón ay lumagô at yumábong hanggáng sa mamúnga nang sagana at mápakinabangan ng lahát. Ang halimbawang itó ay karaníwang nangyayári araw-araw sa búhay ng bawá't tao sa daigdíg.

Walâ páng anim na buwán ang nakalílipas sapúl nang ipunlâ ko ang binhî ng Linangan (Akademya) ng Wikang Pilipino sa isáng pagtítipong ginanáp sa *Manila Hotel* noóng iká-20 ng Agosto, 1964. Nakíkita ko na ngayón ang nakalúlugód na pagtubò ng aking inihásik; namúmutók na ang lupâ sa paligid at sumúsulpot na ang mumuntî nguni't luntiang mgá dahon. Hindî ko akalaing ganitó kabilís ang pagsíbol ng *Lupon sa Aghám*, nguni't sa katunáyan ay naríritó tayong lahát. Hindî ninyó matátawaran ang aking kagalakan.

Ang halamang itó ay pagtútulung-tulungan nating alagaan sapagká't ang binhî ay nápataním sa matabáng lupâ, at iyón ay waláng ibá kundî kayó na bumúbuô sa *Lupon sa Aghám*. Akó namáng nagtaním, sa akalâ ba ninyó'y magpápayabâ akó? Manánatili akó sa inyóng likurán sa bawá't saglít, áalagaan ko kayó sa pagdagsâ ng unós at pagdálaw ng bagyó; sa panahón ng tuyót, bábakuran ko kayó upang malígtas sa mgá kaáway ng wikâ; ipagsásanggaláng ko kayó magíng sa iláng mgá diputádo, senadór, peryodísta at iláng mgá mámamayáng nagmámarunóng at sa halíp na makatúlong sa pagpápayabong ng ating kultúrang silanganin ay wináwasak pá nilá at pilít na pinanánatili sa diwâ ng bayan ang ísip-alipin.

Humáyo kayó at magpatúloy sa mgá gawáing makabáyan. Italagá ang saríli sa pangatawanáng pagsásagawâ ng inyóng adhikâ na maisálin sa Wikang Pilipino ang lahát ng katawagáng-aghám, upang:

- 1 maúnawaang mabúti ng ating mgá batang mág-aarál ang mgá lihim at himalâ ng aghám;
- 2 maláman ng mgá táumbayan, lalò na sa ating mgá nayon, ang makábuluhán at makábagong mgá tuklâs at kaalamán tungkol sa aghám sa pamámagitan ng ating mgá pahayagáng pang-araw-araw at linggúhang mágasin; at
- 3 mulíng yumábong at yumáman ang Wikang Pilipino at maipágmalakí sa buóng sántinakpán na ang Republika ng Pilipinas ay may mayámang wikang pambansâ.

Marámi ring bansáng gaya natin ang gumága-mit ng ibá't-ibáng wíkein gaya ng Indiya, Espanya, Indonésya at ibá pá. Nguni't mayroón siláng pagkakáisa at pagkakásundô sa pagtangkílik at pagpápaláganap sa isá sa kaniláng wíkein upang tanghalíng wikang pampámahalaán.

Sapagká't dito sa Pilipinas ay mayroón tayong pagkakáunawaang ibandilâ ang Wikang Pilipino, síkapin nating iyán ay lubúsang mapaunlâd at mapayábong. Talastás ng lahát na ang pagsásapilipino ng mgá salitáng-aghám ang pinakámahírap na gawáin, kayâ isinásalalay ko sa inyóng pangkát ang buô kong pagtítiwala sa maselang gawáing iyán. Mabigát na pasánin, maluwát na pagtítiyagâ at mahírap na páisipán ang inyóng tinátanggap mulâ ngayón. Magíng marubdób sana tuwína ang inyóng pagmámalásakit at huwág yaóng tinátawag nating "ningas kugon" (*Dalang na usang – Na erep a tampol balet marmarlang*).



Ang kinálabasán ng inyóng págpapagál at pág-aáral ang siyáng ináasahan ng UNESCO. Pag-butíhin ninyó ang inyóng mgá gawáin at kayó na rin, sa inyóng saríli, ang unang masísiyahán kung maisá-aklát na ang bunga ng inyóng págpapagód. Iyán ang pinakámagalíng na pamána na inyóng maiíwan sa inyóng bayan, na magíging karángalan ninyó sampû ng inyóng pamílya, sapagká't mapápatalâ sa aklát ng ating kasásayan ang mgá pangálan ninyó na-mgá bayáni ng Wikang Pilipino.

Mabúhay kayó, mabúhay ang ating Wikà, at mabúhay ang Bansáng Pilipinas!

# KASAYSAYAN NG LUPON SA AGHÁM

ni Dr. Rogelio N. Relova

*Tagápangulo, Lupon sa Aghám; Patnugot, Lunduyang Pánaliksikán sa Pánggagamót, NSDB  
(Batay sa isáng panayám na binasa ni Dr. Relova  
sa Dalúbhasaáng Normál ng Pilipinas noóng Hunyo 21, 1968)*

Noóng iká-18 ng Marso ng taóng 1964 ay tumanggáp akó ng isáng liham na galing sa tanggapan ng UNESCO sa Pilipinas na nagbabalitang akó raw ay nahirang na isá sa mgá Kalinang (kaanib) ng Linangan (Akademya) ng Wikang Pilipino na bagong katatatag sa punyagí ni Gng. Geromina T. Pecson, tagápangulo noón ng UNESCO National Commission of the Philippines.

Ang págkahirang sa akin ay utang marahil sa pangyayaring nakasulat akó ng iláng tulâ at lathalaín sa Pilipino at akó noón ang namumunò sa *Lupon sa Wikà* ng mgá kawaní ng NSDB. Mgá iláng buwán na noóng kamí ay naghahandà ng mgá pamagát na Pilipino sa ibá't ibáng pangkát at tanggapan ng NSDB at itó ay nakatawag pansín ng marámi.

Tinanggáp ko, di man dapat, ang karangalang magíng isáng Kalinang at magmulâ noón ay inisip ko na kung papaano akó, isáng mananaliksík sa panggagamot, ay makatutulong sa paglilingang at pagpapaunlad ng wikang Pilipino. Ang Linangan, na mulâ sa unang taón nitó ay pinanguluhan na ni Dr. Jose Villa Panganiban, patnugot ng Surián ng Wikang Pambansâ, ay tinangkilik ng *National Science Development Board* (NSDB) nang ibalitâ ko sa pamunuán nitó ang págkahirang sa akin bilang Kalinang.

Ang ibá pá sa labíng-isáng Kalinang ay siná Gng. Paraluman S. Aspillera, Agsikap Gonsalo del Rosario, Dr. Antonia F. Villanueva, Dr. Genoveva Edrosa Matute, G. Vedasto G. Suarez, G. Celso A. Carunungan, Dalúbgurong E. Arsenio Manuel, Dr. Pura Santillan Castrence at Dr. Federico B. Sebastian. Itóng hulí ay sumakabiláng-buhay kamakailán at ang ipinalít sa kanyá ay ang manunulát na Clodualdo del Mundo, kasalukuyang (1969) pangulo ng TANIW.

Sa pulong ng Linangan noóng iká-24 ng Mayo, 1964, ay ipinagpasyá na lumikhâ ng isáng *Lupon sa*

*Aghám* na siyáng mangangasiwà sa pagtitipon at pagsasacayos ng mgá salitâ at katawagáng pang-aghám sa Pilipino. Nahirang ang inyóng lingkód na tagápangulo ng nasabing Lupon sa Aghám at sa gawaing itó ay ipinagpasyáng tutulongan siyá ng Kalinang del Rosario bilang tagápangulo ng Kublupon sa Pananaliksík.

Noón pá man ay nadama ko na ang bigát ng aming pananagutan at mataman kong inisip kung paano kamí makatutugon sa gawaing iniatang sa amin.

Ang unang hakbáng na aming minarapat ay ang sumulat noóng Setyembre 10, 1964, sa lahát ng pamantasan, dalúbhasaán, kapisanan at tanggapan na may kaugnayan sa aghám at sa ag-hímuan (*technology*) at hinilíng sa mgá nasabing mgá katátagan (*institutions*) na magpadalâ sa Lupon ng kaniláng mgá kinatawán na may malasakit sa wikang Pilipino at may kasanayán sa isá man lamang sa mgá pangunahing larangan ng aghám. Lumakad ang maraming araw nguni't waláng sumagót sa aming paanyaya, dalá marahil ng hindi lubós na págkaunawà sa naiibáng layon ng Lupon sa Aghám.

Hindi kamí nasiraan ng loób. Noóng iká-9 ng Oktubre, 1964, ay nagpakalat kami ng mulí ng panibagong palibot-sulat at dito ay lalong masaliksík naming isinalaysáy ang mgá layunin at hangarin ng Lupon sa Aghám. Sa pangalawáng surat na itó ay marami ang aming natanggap na katugunan. Karamihan sa mgá katátagang sumagót ay nagbigáy sa amin ng mgá pangalan at tirahan ng mgá gurò, kaanib o kawaní nilang may kakayahán at pagnanais na umanib sa Lupon, nguni't mayroón din namáng sumagót na nagsabing walâ siláng maipadadalâ sapagká't ang mgá tauhan niláng may kaalamán sa aghám ay mgá Ilúkano o Bisaya na hindi sanáy sa wikang Pilipino. Gayunman, ang mgá nais umanib ay umabot sa bilang na siyamnapu at dalawá.

Tumawag kami ng isáng lahatáng pulong noóng iká-12 ng Pebrero, 1965, upang italagá ang Lupon sa Aghám. Nangagsidaló siná Dr. Juan Salcedo, Anák, tagápangulo ng NSDB; si Dr. Jose Villa Panganiban at si Gng. Geromina T. Pecson. Si Dr. Panganiban, sa kanyáng katungkulang pangulo ng Linangan, ang siyáng tumanggáp sa panunumpâ ng mgá kaanib ng Lupon sa Aghám.

Sa unang pulong na itó ay ipinaliwanag na agád namin na ang gawain ng Lupon sa Aghám ay kusang-loób, na waláng mahihintáy na pabuyà, na isinasabalikat itó alang-alang sa wikà at aghám.

Katulad ng mgá ibáng kilusáng pambayan, sa simulâ ay “mabuláng mabulâ na gugò” at “maningas ang kugon,” wikà ngâ ng kasabihán. Subali’t nang simulán na ang puspusang paggawâ, sa pamamagitan ng lingguhang pagpupulong ng mgá kublupon (kadalasan ay kung Biyernes ng tanghali sa silíd-pulungán ng NIST sa daáng Herran, Maynila), ay tumanggáp na akó ng iláng pagdadahilán na hindí raw silá maáring makapagpatuloy sa-pagká’t maraming ibáng kaabalahán. May mgá nangagtanóng kung magkano ang *per diem* at *allowance*. Nang walâ akóng maipangakò sa kanilá, ang mgá yaón ay nangawalâ na lamang at sukat sa mgá sumunód na pulong. Nguni’t ibá-ibá ang ugali ng tao. Sa nagsimuláng 92 ay 60 lamang ang natirá nguni’t ang mgá itó ay nagíng masiglá at masugid sa kaniláng pinanumpaáng kusang-loób na gawain.

Ang animnapung kaanib ng Lupon sa Aghám ay pinagpangkát-pangkát namin sa anim na kublupon (*subcommittee*) na tumutugon sa anim na pangunahing pangkát ng aghám: sipnayan (*mathematics*), sugnayan (*physics*), kapnayan (*chemistry*), haynayan (*biology*), ulnayan (*social sciences*), at batnayan (*philosophy*).

Bago kami magsimulâ sa mgá pangatawanáng pagtitipon at pagsasaayos ng mgá salitáng pang-aghám ay nag-anyaya muna kami ng mgá kilaláng gurò sa wikang Pilipino na gaya niná Dalúbgurong Tomas N. Aguirre ng Pamantasan ng Pilipinas, G. Macario Agawin ng Kagawarán ng Pagtuturò at G. Sinforsoso C. Cruz ng *Baguio Institute of Technology*. Si G. Aguirre ay bumasa ng panayam sa paksáng “Ang mgá Uri at Kapakanán ng Panlapi sa Wikang Pilipino Bilang Isáng Batis ng Pagpapayaman ng Wikang itó.” Si G. Agawin ay nagsalitâ sa paksáng “Ang Bisà at Tungkulin ng Panlapi sa Palá-

buuán ng Salitâ,” samantalang si G. Cruz namán ay tumalakay sa malawak na paksáng “Ating Kalinangang Minana.” Ang mgá panayam na itó ay nagíng mgá patnubay, tagubilin, payo at paalala sa amin upang mapanuto sa pagsasaayos ng mgá salitáng pang-aghám na binabalak naming gawin.

Nagíng dibdiban ang paggawâ ng Lupon sa Aghám mulâ noóng mgá unang buwán ng taóng 1965. Upang hindí masiraan ng loób o manghinawa ang mgá kalupon ay lagi ko siláng pinaaalalahanan na ang aming isinasabalikat ay gawaing makabayan na tulad ng magandáng bayánihan o “palusong” ng mgá katutubong Pilipino kung mayroón siláng mabigát at dí-pangkaraniwang gawain. Sa mgá lingguhang pagpupulong namin, ang aking laging iniisip ay kung paano mananatili ang kaniláng siglá, lalò na’t nakikinikinitá ko ang mgá daragsang pagpulâ, pagpintás at magíng pag-aglahi mulâ sa mgá waláng malasakit sa wikang pambansâ.

Noón pá mang nagsisimulâ, sinabi ko na sa kanilá na ang sasalungát sa aming mgá gawain ay yaóng mgá may gulang na, na walâ nang panahón o kakayahán, dili kayá’y tamád nang mag-aral pá ng mgá mauunlád at nababagong kaisipán. Sa ibabaw ng lahat ay lagi kong ipinagugunitâ sa kanilá na ang aming gawain ay para sa mgá batang mag-aaral ng aghám sa mababang páaralán—mgá batang ngayón ay ‘dí maturuan ng aghám dahil sa kahirapan ng mgá salitáng Inglés na hangò sa Latín at Griyego.

Ang madalás kong masabi sa kanilá ay: “Kung sakali mang maraming sasalungát ay huwág tayong masisiraan ng loób; alalahanin natin na ‘pag ang saranggola ay sinalungát ng hangin, lalò itóng magtutumaás.” At ganitó pá: “Ipagpatuloy natin ang paggawâ tulad sa patuloy na pagdaloy ng tubig sa ilog; anumán ang ihadlang sa agos ay piliit ding mag-uumapaw ang tubig.”

Ang mgá kaisipáng itó ang naging damdamin ng bawâ’t kaanib ng Lupon sa Aghám, kayá’t ang natiráng animnapung kaanib ay nanatiling matibay, masiglá at matapát hanggáng sa mgá sandalíng itó.

Matutunghayán sa kasunód na iláng pahina ang taláániban at talátátagan ng Lupon sa Aghám.

## TALÁÁNIBAN NG LUPON SA AGHÁM

### TALÁTÁTAGAN NG LUPON SA AGHÁM

- Lahatáng Tagápangulo** **Dr. Rogelio N. Relova, Kalinang**  
 – Linangan (Akademya) ng Wikang Pilipino  
 – Patnugot, Lunduyang Pánaliksikán sa Panggagamót, NIST
- Lahatáng Kalihim** **Mggl. Nicomedes G. Atienza**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Haynayan, NIST  
 – Makatà at Manunulát

### KUBLUPON SA UGNAYAN

- Tagápangulo** **Dalúbgurong Virginia R. Reyes**  
 – Pamantasan ng Lunsód ng Maynila (PLM)
- Mgá Kagawad** **Mggl. Nicomedes G. Atienza**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Haynayan, NIST
- Gng. Ester E. Dazon**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Panggagamót, NIST
- Bb. Lourdes Biescas**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Panggagamót, NIST

### KUBLUPON SA PÁNANALIKSÍK

- Tagápangulo** **Agsikap Gonsalo del Rosario, Kalinang**  
 – Linangan (Akademya) ng Wikang Pilipino  
 – Tagápangulo, Komisyón ng Wikang Pilipino ng Lunsód ng Maynila  
 – Pulí-Pangulo at Dalúbpunò sa Agsikapan, Takaran ng Pamantasang Gregorio Araneta (GAUF)
- Mgá Kagawad** **Agsikap Manuel M. Maravilla**  
 – Tagápangulo, Kublupon sa Sipnayan, Lupon sa Aghám
- Agsikap Godofredo R. Javier**  
 – Tagápangulo, Kublupon sa Sugnayan, Lupon sa Aghám
- Dalúbgurong Roberto B. Torres**  
 – Tagápangulo, Kublupon sa Kapnayan, Lupon sa Aghám
- Dalúbgurong Zenon R. Torres**  
 – Tagápangulo, Kublupon sa Haynayan, Lupon sa Aghám
- Gng. Lucila A. Salazar**  
 – Tagápangulo, Kublupon sa Ulnayan, Lupon sa Aghám

## KUBLUPON SA SIPNAYAN

- Tagápangulo** **Agsikap Manuel M. Maravilla**  
 – Sangáy ng Agháming Kasángkapan at Aghimuíng Língkuran, NIST
- Mgá Kagawad** **Dalúbgurong Virginia R. Reyes**  
 – Pamantasan ng Lunsód ng Maynila (PLM)
- Dalúbgurong Concepcion Perez-Simpelo**  
 – Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)
- G. Marcelino Hernandez**  
 – Mataás na Páaraláng Araullo
- Gng. Consolacion Esguerra**  
 – Pangalawáng Punung-gurò, Mataás na Páaraláng Mapa
- Gng. Manuela A. Rivas**  
 – Mataás na Páaraláng S. Osmeña, Amá
- Gng. Imelda A. Coloma**  
 – Mataás na Páaralán ng mgá Batang Lalaki, Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)
- G. Felipe Fernando, Anák**  
 – Mataás na Páaraláng-Aghám ng Pilipinas
- G. Avelino Cariño**  
 – Dalúbhasaán ng De la Salle (DLSC)

## KUBLUPON SA SUGNAYAN

- Tagápangulo** **Agsikap Godofredo R. Javier**  
 – Sangáy ng Agháming Kasángkapan at Aghimuíng Língkuran, NIST
- Mgá Kagawad** **Agsikap Gonsalo del Rosario**  
 – Takaran ng Pamantasang Gregorio Araneta (GAUF)
- Dalúbgurong Melecio Deauna**  
 – Dalúbhasaán ng De la Salle (DLSC)
- Dalúbgurong Restituto Villanueva (SLN)**  
 – Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)
- Agsikap Dominador J. Tiño**  
 – Sangáy ng Panatamán at Lahatáng Língkuran, NIST
- Agsikap Simeon de la Cruz**  
 – Pambansáng Daámbakal ng Pilipinas
- Gng. Melinda Z. Cabansag**  
 – Mataás na Páaraláng S. Osmeña, Amá
- Bb. Bella Rosa Reyes**  
 – Mataás na Páaraláng Mapa
- Gng. Emilia Q. Agustin**  
 – Sangáy ng mgá Páaraláng-Bayan sa Lunsód ng Maynila
- G. Eugenio O. Legaspi**  
 – Dalúbhasaáng Jose Rizal (JRC)

## KUBLUPON SA KAPNAYAN

- Tagápangulo** **Dalúbgurong Roberto B. Torres**  
 – Punò, Kagawarán ng Kapnayan, Dalúbhasaán ng De la Salle (DLSC)
- Mgá Kagawad** **Dalúbgurong Pablo de la Vega**  
 – Dalúbhasaán ng De la Salle (DLSC)  
**G. Miguel Ampil, Mángangapnáy**  
 – Pangulo, Sánggunián ng mgá Mángangapnáy sa Pilipinas  
**G. Leon G. Alejo**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Pagkain at Paniyá, NIST  
**G. Amador Sumabat**  
 – 1025 Washington, Sampalok, Maynila  
**Dalúbgurong Concepcion B. Santos**  
 – Dalúbhasaán ng Parmasya, Pamantasan ng Santó Tomás (UST)  
**G. Andres Santiago**  
 – Pambansáng Kawanihán ng Paniniyasig (NBI)  
**G. Carlos N. Carreon**  
 – Sangáy sa Pagsubok at Pamantayan, NIST  
**Bb. Consolacion Ruiz**  
 – Mataás na Páaraláng Manuel L. Quezon, Tundó, Maynila  
**Bb. Shirley E. Nessia**  
 – Kalihim, Sánggunián ng mgá Mángangapnáy sa Pilipinas  
 – Kasunó ng Kawanihán ng mgá Minahán, Maynila

## KUBLUPON SA HAYNAYAN

- Tagápangulo** **Dalúbgurong Zenon R. Torres**  
 – Patnugot, Kagawarán ng mgá Pánaliksikán, Pamantasan ng Silangan (UE)
- Mgá Kagawad** **Dr. Rogelio N. Relova**  
 – Patnugot, Lunduyang Pánaliksikán sa Panggagamót, NIST  
**G. Agustin F. Umali**  
 – Dalúb-isdâ ng Pambansáng Museo  
**Dr. Gregorio T. Velasquez**  
 – Pamantasan ng Lunsód ng Maynila (PLM)  
**Dalúbgurong Remedios F. Domingo**  
 – Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)  
**G. Pedro Gonzales**  
 – Pangkát ng Dalúbhayupan, Pambansáng Museo  
**Gng. Adoracion T. Arañes**  
 – Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)  
**Bb. Lilian Alfonso**  
 – Mataás na Páaraláng Araullo  
**Gng. Milagros A. Ramos**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Haynayan, NIST  
**Dalúbturong Anselmo Cabigan**  
 – Takaran ng Pamantasang Gregorio Araneta (GAUF)

## KUBLUPON SA ULNAYAN

- Tagápangulo** **Gng. Lucila A. Salazar**  
 – Pambansáng Museo at  
 – Pamantasan ng Silangan (UE)
- Mgá Kagawad** **Dalúbgurong Dionisio Salazar**  
 – Manunulát sa Pilipino at Inglés  
 – Pamantasan ng Silangan (UE)
- Gng. Soledad Antiola**  
 – Sangáy ng Paghahanáp ng Talihilig sa Aghám, NSDB
- G. Nicomedes G. Atienza**  
 – Lunduyang Pánaliksikán sa Haynayan, NIST
- G. Artemio R. Vitancol**  
 – Sangáy sa Pábatirang Pangkalúsugan at Paturuán, Kagawarán ng Kalúsugan
- Bb. Pacífica H. Cordero**  
 – Kawanihán ng Pamantayan sa Paggawâ, Kagawarán sa Paggawâ
- Gng. Marvel G. Ruiz**  
 – Kawanihán ng Pamantayan sa Paggawâ, Kagawarán sa Paggawâ
- Mggl. Rosendo N. Feleo**  
 – Kapisanang “Bayan Muna,” Tundó, Maynila
- G. Jose M. Villena**  
 – Pangkát sa Tauhan, NIST
- Bb. Fe Alday**  
 – Sangáy ng Paghahanáp ng Talihilig sa Aghám, NSDB

## KUBLUPON SA BATNAYAN

- Tagápangulo** **Dalúbgurong Conrado R. Reyes**  
 – Pamantasan ng Santo Tomás (UST)  
 – Dalúbhasaán ng San Beda (SBC)
- Mgá Kagawad** **Dalúbgurong Lydia R. Almoro**  
 – Pamantasan ng Dulong Silangan (FEU)
- Dalúbgurong Moises Simbulan**  
 – Pambansáng Dalúbhasaán ng Gurò (NTC)
- Dalúbgurong G. Sta. Ana**  
 – DALMAPIL
- Dalúbgurong Eugenia Tayao**  
 – Pamantasan ng Lunsód ng Maynila (PLM)
- Dalúbgurong Fermina K. Soriano**  
 – Dalúbhasaán ng Kalakal sa Pilipinas (PCC)
- Dalúbgurong Guadalupe B. Estrada**  
 – Dalúbhasaán ng Kalakal sa Pilipinas (PCC)
- G. Juan Si. Deborde**  
 – Takaran ng Pamantasang Gregorio Araneta (GAUF)
- Bb. Lydia Gonzales**  
 – Pamantasan ng Pilipinas (UP)

# MAÚGNAYING TALÁSÁLITAAN SA PAGTUTURÒ NG AGHÁM

ni Gonsalo del Rosario

Tagápangulo, Kublupon sa Pánanaliksík, LUPON SA AGHÁM

## ANÓ ANG MAÚGNAYING TALÁSÁLITAANG PILIPINO?

Itó ay katipunán ng mgá salítang pangkaalamán at pang-aghám na batay o hangò sa mgá salítang-ugát ng Tagalog, Bisayà, Bikol, Ilúko, Pánggasinán, Kapámpangan, Maranáw, Tausúg at ibá páng wíkain sa Pilipinas, at magíng ng ibáng wikà sa daigdíg.

Sa maúgnaying talásálitaang Pilipino, ang mgá katutubong salítang-ugát ay kaangkóp sa bigkás ng isá't isá at ng mgá salítang-ugát na hiram sa Inglés, Kastila, Malay, Insík, Sanskrito at ibá páng dayúhang wikà, at sama-sama siláng pinághangúan ng mgá maúgnaying katawagáng pang-aghám sagitan ng ating saríling panlapi, panambál at palábuuan ng mgá salitâ.

Hindí “dalísay” ang maúgnaying talásálitaang Pilipino sapagká't tumátanggáp ng mgá salítang-ugát ng Inglés, Kastila at ibá páng wikang dayúhan.

Hindí rin haluán ang maúgnaying talásálitaang Pilipino na túlad ng wikang-lansárgan na ipinangálgalangdakan ng iláng babásahíng may mabábang pámantayan.

Ang “wikang dalísay,” kung mayroón ngâ nitó, at ang wikang haluán ay kapwà linsil na anyô ng wikà na hindí mabisà sa pagtuturò ng kaalamán. Nasa pagitan nilá ang maúgnaying wikà, na nakasalálay sa Balarilà ng Wikang Pambansâ.

Tánging sagitan ng maúgnaying talásálitaang Pilipino maitúturò nang mabisà ang túnay na aghám sa mgá batang Pilipino sa mabábang páralán. Para sa pagtutúrong iyán, daíg ng maúgnaying talásálitaang Pilipino ang dímaúgnaying talásálitaang Inglés.

Ang maúgnaying talásálitaang Pilipino ay isáng **panimuláng talásálitaang panturò** (*initial teaching vocabulary*). Itó ay inihandâ para sa mgá gurong nagtuturò ng aghám sa mgá batang Pilipino. Lálong mabúti kung itó ay kagigilíwang gamítin ng

madlâ sa hináharáp, nguni't sa ngayón ay sapát náng itúring itó na isáng panimuláng talásálitaang pampáaralán, higit sa anupamán. Kailángan ang ganitóng panimuláng talásálitaang panturò sapagká't hanggáng ngayón ay bigô ang pagtuturò ng aghám sa mgá batang Pilipino.

**BIGÔ SA LOÓB NG 358 TAÓN** Mabábahagì sa tatlong panahón ang pagtuturò ng aghám sa Pilipinas.

Sa unang panahón, mulâ sa págkatatág ng Pámantasan ng Santó Tomás noóng taóng 1611 hanggáng sa pagkasúlat ni Rizal sa *El Filibusterismo* noóng 1887 – panahóng maitúuring na yugtô ng pagtuturò ng aghám sagitan ng wikang Kastila – ay walâ kahit isáng aghámanon (*scientist*) na lumitáw sa bayang Pilipino. Pinatúunayan ni Rizal sa *Fili* (salin ni P. Mariano) na:

“...hanggáng sa ngayón ay hindí pá sumísipót ang isáng kahi't muntî man lamang na *Lavoisier*, isáng *Secchi*, ni isáng *Tyndall*, sa lahing *Malayong Pilipino*.”

Bigô ang aghám sa buóng yugtóng itó na tumagál ng 276 taón.

Sa ikalawáng panahón, mulâ noóng 1887 hanggáng 1901, ay hindí kataká-taká kung walâ ring sumíbol na aghámanon. Itó ang yugtô ng madugóng himagsikan at pakikídigmâ. Nabuhos ang buóng lakás at talíno ng magigíting na Pilipino sa pagtatanggól sa bayan.

Sa ikatlong panahón, mulâ noóng 1901 hanggáng sa kasálukuyan, ay umiral ang pagtuturò ng aghám sa mgá Pilipino sagitan ng wikang Inglés. Nagíng mabisà kayâ at mabunga ang yugtóng itó? Gamítin natin ang mataás at malínis na sukatán ng Gantímpalang Nobél sa mgá larangan ng sugnayan (*physics*), kapnayan (*chemistry*) at pánggagamót (*medicine*). Sa loób ng 68 taón mulâ noóng 1901 ay kuláng-kuláng sa tatlong daáng



aghámanon sa tatlong larangang nabanggít, mula sa lahat ng sulok ng daigdig, ang nagawaran ng Gantimpalang Nobél, nguni't kahit isa man lamang ay walá buhat sa Pilipinas. Bigô rin, samakatwid, ang paggamit ng wikang Inglés sa pagtuturo ng aghám sa mgá Pilipino.

Tayo ay natambád sa aghám ng Kanluran sa loób ng dí-kukulangin sa 358 taón nguni't "waláng nangyári." Ang bansáng Hapón ay natambád sa kanluraning aghám mula noóng taóng 1868 lamang, nang buksán ng Emperador Meiji ang kanyang bansá sa kabihasnán ng Kanluran. Sa loób lamang ng isáng daáng taón ay nakapagtayô na ng isáng makapangyarihang kabihasnáng aghimuin (*technical*) ang mgá Hapón, at maramí-ramí na rin ang mgá aghámanong Hapón na nagkamít ng Gantimpalang Nobél. Anó ang kaibhán?

**SANHĪ NG KABIGÚAN** Dito sa Pilipinas, ang batà sa mabábang páaralán ay hindi maturuan ng tum-pák na aghám sapagká't pinipilit na sa wikang dayúhan iturò itó. Hindi ganáp na maúnawaan ng batà ang mgá salítang tulad ng *arthropoda*, *thermodynamics* at *oxidation* sapagká't hindi silá nagsásalitá ng mgá patáy na wikang Latín at Griyego. Dahil dito ay hindi nasasamantalá ang kagulangán (7 hanggang 12) na hutukin pá at madalíng tumanggáp ng kaalamán ang utak ng mgá batà. Ang tunay na aghám ay ipinagpapalíban hang-gáng sa mataás na páaralán o sa dalúbhasaán.

Nguni't mgá 80 bahagdán ng mag-aarál sa mabábang páaralán ang nagtítigil pagkatapos ng ikáanim na baitáng. At sa dalawampung bahagdán na sumásampá sa mataás na páaralán ay halos kalahati ang hindi natatapos. Samakatwid ay halos 90 bahagdán ng mgá Pilipino ang lumalakíng mangmáng sa aghám. Sa liwánag ng ganyáng pangyayári ay paáno natin mahihintáy na magkaroón tayo ng maraming lináng na kabatáan na maáring magíng aghámanon?

Doón sa bansáng Hapón, ang tunay na aghám ay itinuturò sa mabábang páaralán sagitan ng mgá salítang nakaugnáy at nakakabit sa wikang ginagamit sa táhanan sa araw-araw.

Hindi kinákailangan na ang mgá batà ay ma-kaunawà ng mahihiwagang salitá, panlapi at panambál ng patáy na mgá wikang Latín at Griyego.

Kayá't halos ang buóng bayang Hapón ay gising at mulát sa aghám. Nakapagtataká bá kung sa-gana silá sa aghámanon?

Itó ang ugát ng kabagálan natin sa lahat ng panig ng kapámuhan. Dito nagmumulá ang halos lahat ng ating kasahulán. Ang ating pagkakimí sa harap ng dayúhan, ang pagwawaláng-halagá sa sariling kalinangán, ang pagpapabayâ sa kababáyan, ang malábis na panggagagád, ang dí-págkaunawà sa mgá batás – lahat nitó ay dalá ng paggamit sa isáng dayúhang wiká ng pagtuturo sa mabábang páaralán.

**GAWAIN NG LUPON SA AGHÁM** Anó ang lunas? Isáng ganáp at lubós na pagbabágo sa mgá pamamaraan sa mabábang páaralán, upang ang kaalamán at aghám ay maiturò sagitan ng maúgnaying talásálitaang Pilipino.

Sa tinalikdáng kabanatà ay isinalaysáy ni Dr. Rogelio Relova ang kasásayan ng Lupon sa Aghám na siyang pinagkatiwalaan ng *Linangan ng Wikang Pilipino* na maghandá ng isáng maúgnaying talásálitaang pang-aghám.

Mula noóng Pebrero ng taóng 1965, ang bawat kublupon ng Lupon sa Aghám ay nagpupulong minsan isáng buwán sa silíd-pulungán ng NIST (*National Institute of Science & Technology*) upang talakáyin ang mgá panukalang-salin na ihihá-ráp ng mgá kaanib at sumásailalim sa pangúnang pag-aaral ng Kublupon sa Pánanaliksík.

Lahát ng mgá ngalan, katawagán at pahayág na mapagtibay ng anim na kublupon ay tinitipon, isinasaayos at pinag-uugnáy-ugnáy ng Kublupon sa Ugnayan na pinamúmunuan ni Bb. Virginia R. Reyes, dalúbgurò sa sipnayan (*mathematics*) sa Pámantasan ng Lunsód ng Maynila.

Dahil sa kahusayan ng demokrátikóng pamamaraáng ginagamit ay kadalásang umaabot sa limampú hanggang isáng daán ang mgá ngalan, katawagán at pahayág na napagtibay sa bawat pulong ng mgá kublupon. Nguni't nagkakaroon din ng mainítang pagtatálo at may iláng katawagán na nagdaán sa maraming pagbabagong-anyô at nangángailangan ng iláng ulit na pagpupulong bago napagtibay.

**DALAWÁNG URÌ NG MGÁ PANGNGALAN** Sa pagsasaayos ng mgá salitáng pang-aghám sa wikang Pilipino, ang Lupon sa Aghám ay gumamit ng isáng pamamaraán na taták-Pilipino nguni't naaayon sa mgá símulain ng makabagong dalúb-wikaán. Ginamit din ngâ ng mgá Insík at Hapón ang nasabing mgá símulain, nguni't sa isáng paraáng dípakusâ at parang waláng malay. Sa unang págkakataon sa kasaysayan ng mgá wikà ay ginamit iyán dito sa Pilipinas sa isáng paraáng tikís, sinadyâ, ganáp at maayos.

Lahát ng mgá **pangngalan** (*nouns*) na ginagamit sa aghám ay hinatì sa dalawáng malawak na pangkát o urì. Ang unang urì ay yaóng **ngalan** (*name*) samantalang ang ikalawáng urì ay yaóng **tawag** (*term*).

Ang **ngalan** ay tumutukoy sa mgá sangkáp, gamit, kasangkapan, sukat, talà, buntalà, bayan, hayop, halaman at ibá páng bagay na nasasaláng at nakikita.

Sa alinmáng wikà, ang mgá **ngalan** ay kadalasang mgá salitáng alitakdain (*arbitrary*) – alalaong bagá'y dí maipaliwanag kung bakit gayón ang anyô. Halimbawà, bakit *bakal* sa Pilipino, *iron* sa Inglés at *hierro* sa Kastila? Bakit *aso* sa Pilipino, *Hund* sa Alemán, *inu* sa Hapón at *dog* sa Inglés? Bakit *sui* sa Insík, *tubig* sa Pilipino at *water* sa Inglés? Ang mgá tanóng na iyán ay hindi mabibigyan ng kasiyá-siyáng kasagutan ng pinakapantás mang dalúbwikà. Waláng nakatatalós. Ang tanging masasabi ay yaón ang mgá **kinagawiáng anyô**. Samakatwíd, ang ngalan ay kinagawiáng anyô o hugis ng salitâ na may kinagawiáng kahulugán. Walâ namán ibá páng paliwanag na kailangan.

Ang **kangalanán** (*nomenclature*) ay ang katipunán o kaayusán ng mgá ngalan sa isáng talásálitaang pang-aghám.

Sa kabiláng panig, sa alinmáng wikà, ang **tawag** ay lagi nang mgá salitáng maipaliliwanag kung bakit gayón ang anyô at hugis. Bakit ganóon ang págkakabuô? Saan hinugot? Anó ang salitáng-ugát? Anú-anó ang mgá panlapì o panambál na ikinabit sa nasabing ugát? Tumpák ba ang págkakakabit, at agpang ba sa kahulugán ang ibinungang tawag? Itó ay mgá katanungang dapat na sagutín at ipaliwanag kung sinusurì ang isáng tawag.

Ang **tawag** at yaóng tumutukoy sa mgá símulain, kaisipán, pangyayari, pamamaraán, lakás ng kalikasan, aral at ibá páng mgá págka-kaugnáy na dí nasasaláng at dí nakikita.

Halimbawà, ang tawag na Inglés na *irrigation* ay nabuô sa págkakabit ng unlaping *ir-*, sa loób; ugát na Latín na *rigare*, lagyán ng tubig; at ng hulaping *-tion*, paraán o sakilos na ipinahahayág ng salitáng-ugát. Ang pagkakálapi ng tatlong bahaging nabanggit ay kailángang magíng malinaw at makatwiran; kung hindi ay maituturing na masamá ang nasabing tawag. Ang katapat ng *irrigation* sa Pilipino ay patubig, na binubuô ng unlaping *pa-*, nagpapahiwatig ng layon o kapakanán, at ng salitáng-ugát na *tubig*.

Ang **katawagán** (*terminology*) ay ang katipunán o kaayusán ng mgá tawag sa isáng talásálitaang pang-aghám.

Bakit natin maingat na pinaghiwaláy at pinagbukód ang mgá pangngalan sa mgá *ngalan* at mgá *tawag*? Sapagká't ang págkakaibá ng dalawáng pangkát na itó ay may malaking kinalaman sa pagsasalin at pagsasaayos.

### NGALAN: MGÁ ANYÓNG MAÁARING TUWIRANG HIRÁM

Sapagká't sa alinmáng wikà, ang mgá ngalan ay waláng tiyák na pamuhatan at nag-iisa o dí nakaugnáy sa ibáng mgá ngalan, kadalasang hinihirám silá mulâ sa ibáng wikà kung waláng katutubong katapat sa sariling wikà. Ang ganyáng tuwirang panghihirám ay likás na ginagawâ ng sama-samang kaisipán ng buóng bayan. Halimbawà, nang ang hayop na *caballo* ay unang sabihin dito ng mgá Kastilang galing sa Mehiko, walâ tayong ngalan sa hayop na yaón, kayá't likás na ang ngalan sa Kastila ay tuwirang hinirám ng mgá Pilipino, likás na binago ang bigkás at baybáy upang mapaangkóp sa dilà at panulatán ng mgá katutubò, at nagíng *kabayo* ngâ.

Ang pamamaraáng itó ay buóng layang ginamit ng Lupon sa Aghám sa pagsasalin ng mgá ngalang pang-aghám sa Inglés na waláng matagpuáng katapat sa Tagalog o sa ibáng pangunahing wikain sa Pilipinas. Narito ang iláng ngalang pang-aghám na tuwirang hinirám mulâ sa mgá banyagang salitâ, sa anyóng pinagtibay ng Lupon sa Aghám:

**1** Ngalan ng mgá bagay:

antenna	.....	antena
airplane	.....	eruplano
vessel	.....	barkó
alkali	.....	alká
acid	.....	asid

**2** Ngalan ng mgá sangkáp:

hydrogen (H)	.....	haydrohén (H)
oxygen (O)	.....	oksihén (O)
nitrogen (N)	.....	nitrohén (N)
silicon (Si)	.....	silikon (Si)
vanadium (V)	.....	banadyum (V)

**3** Ngalan ng mgá talà at buntalà:

Mars	.....	Marte
Jupiter	.....	Hupiter
Mercury	.....	Merkuryo
Cassiopeia	.....	Kasyopeya
Orion, the Hunter	..	Oryon, ang Mán-gangaso

**4** Ngalan ng mgá sukat:

meter	.....	metro
centigrade	.....	sentigrado
watt	.....	wat
radian	.....	radyan
ampere	.....	ampir

**5** Mgá ngalang hinirám mulà sa ibáng wíkain sa Pilipinas:

steel	.....	paslíp (paslep, Ilk.)
gravity	.....	dagsín (dagsen, Ilk.)
design	.....	antangan (Mar.)
energy	.....	kusóg (Hlg. at Bkl.)
strategy	.....	patigayon (Hlg.)

Sinakit ng Lupon na gumamit ng mgá salitáng mulà sa Tagalog at ibáng wíkain sa Kapuluán, kailanma't may matatagpuán. Halimbawà, ang pulutóng ng mgá talà na nginanláng *Capricornus* ay tinapatán ng *Kambing*. Ang *earth* bilang buntalà ay tinapatán ng *dutà* (Bis.) sapagká't ang *lupà* ay nangangahulugáng *land*. Ang sangkáp na *tin* (*estaño*) ay tinapatán ng matandang salitáng Tagalog na *tinggáputi*, na siyang dating tawag sa nasa-bing sangkáp, bagamá't ang sagisag na *Sn* (*Stannum*) ay mananatili.

**TAWAG: MGÁ ANYONG HINUGOT O HINANGÒ**  
Kung ang mgá ngalan ay maáring tuwirang hira-

mín mulà sa wíkaing banyaga kailanma't wala tayong katapat sa sariling wikà, ang mgá tawag namán ay lagi nang dapat buuin mulà sa mgá tumpak na salitáng-ugat (katutubo man o hirám) na kinakabitan ng ating mgá sariling panlapi at panambal sagitan ng mgá pamamagitan itinutulot ng ating balarilà. Sa ganitó, ang págkakaugnáy-ugnáy ng katawagan ay mapangangalagaan kayá't mananatiling madaling unawain ang mgá salitáng pang-aghám sa wikang Pilipino.

Bagama't ang salitáng *kabayo* ay isáng tuwirang hirám mulà sa Kastila, ang mgá salitáng *mangabayo* (*caballear*), *mángangabayó* (*caballero*), *kabayuhán* (*caballeria*) at *kabá-kabayuhan* o *palupo* (*caballete*) ay kusang nangabuô nang gayon sa bisà ng mgá alintuntunin ng wikà na ipinatupad ng sama-samang isipan ng mgá Pilipino sa loob ng ilandaang taong nakaraan.

Ganitó ring panuntunan ang siyang tikis at sadyang ginagamit ngayon ng Lupon sa Aghám sa pagsasalin sa mgá tawag na pang-aghám mulà sa Inglés. Narito ang ilang halimbawà ng katawagang pang-aghám na isinaayos ng Lupon:

<b>1</b>	numeral	.....	pambilang
<b>2</b>	integer	.....	buúmbilang
<b>3</b>	fraction	.....	hatímbilang
<b>4</b>	numerator	.....	panakdâ
<b>5</b>	denominator	.....	pamahagì
<b>6</b>	gravitation	.....	kadagsinán
<b>7</b>	conductor (elec.)	..	saluyán
<b>8</b>	nonconductor	.....	dísaluyán
<b>9</b>	planetoid	.....	malábuntalà
<b>10</b>	alkalinity	.....	kaalkahán
<b>11</b>	acidity	.....	kaasdán
<b>12</b>	regeneration	.....	balikhaan
<b>13</b>	nucleolus	.....	ibutód
<b>14</b>	linguistics	.....	dalúbwíkaan
<b>15</b>	nationalize	.....	sabansaín

Suriin natin ang isáng halimbawa upang lalong mabuting maunawaan kung bakit dapat pagpilitang buuin ang mgá tawag sagitan ng tumpak na salitáng-ugat (katutubò man o hirám) at ng mgá sariling panlapi at panambál. Ang *alkali* ay hinirám at ginawáng *alká* na siyang matandang ugát nitó sa pinagmuláng wikang Arabe. Nguni't kung ang *alkalinity* ay tuwiran ding hihiramín at gaging *alkaliniti* ay makapagpapasok tayo ng bagong hulaping *-iti* sa ating wikà na waláng kahu-

lugán sa ating balarilà, at waláng ibáng kaugnáy o kahawíg na págkakangamit. Sa gayón ay magiging mahirap maunawaan ang salitáng itó ng mgá mag-aarál, lalo na ng mgá batang nasa mababang páaralán. Sa kabiláng dakò, kung ang *alkalinity* ay tapatán ng *kaalkahán*, hindí na kakailanganin ang maraming paliwanag sa pagtuturò nitó. Sinumang batang higit sa pitóng taón ay nakauunawa ng kahulugán ng kabilaang tambalan ng mgá panlaping *ka-... -an* sa págkakabuò ng mgá salitáng tulad ng *kagandahan*, *katunayan*, *kalakihán*, *kaliwanagan*, atb.

**BAGONG PARAÁN NG PAGTUTURÒ NG AGHÁM** Sa kasalukuyan, ang tunay na aghám ay hindí maiturò sa mgá batang nasa mababang páaralán. Balakid na hindí maigpawán ang mgá salitáng pang-aghám sa Inglés na hangò sa mgá patáy na wikang Latín at Griyego, sapagká't hindí lubós na maunawaan o masakyán ng mgá batang Pilipino. Gayón din ang suliranín ng mgá batang Amerikano: ang mgá salitáng Latín at sinaunang Griyego ay hindí rin nilá ginagamit sa pang-araw-araw na buhay.

Dahil sa sagwíl na itó, iniwasan ng ating mgá mababang páaralán ang paggamit ng mgá salitáng-aghám na hangò sa Latín at sinaunang Griyego. Sa isáng palibot-liham ng Sangáy ng mgá Páaraláng-Bayan sa Lunsód ng Maynila ay nakasaád ang ganitó, sang-ayon sa aming págkakasalin:

*“Lalo na sa Baitáng III, ang mgá tawag at pahayág na pang-aghám na germ at virus, halimbawa, ang gurò ay maáaring gumamit ng mgá pariralang tulad ng maliliít na halaman at hayop na nagdádalá ng sakít sa mgá tao.”*

Bilang katuringán o paliwanag ay maáari ang ganýang maligoy na parirala nguni't hindí kailánman maáaring iturò ang aghám kung waláng mgá tumpák na kangalanán at katawagán.

Hindí maiigpawán ang balakid hanggá't hindí binabago ang wikà ng pagtuturò sa mgá mababang páaralán. Sa ngayón (1969), sariling wikà ang ginagamit sa unang dalawáng baitáng, at wikang Inglés mulá sa Baitáng III hanggáng Baitáng VI o VII. Panahón nang dapat gamitin ang Pilipino bilang wikang panturò sa lahat ng baitáng ng mababang páaralán.

Sagitan ng mgá maúgnaying salitáng pang-aghám na napagtibay na ng Lupon sa Aghám (nakaabot na sa mgá 7,500 sa mgá sandalíng isinusulat itó), ang mgá batayang aghám ay maituturò na mulá sa Baitáng III ng mababang páaralán. Yaóng mgá paksáng katulad ng pánandaan (*algebra*), haynayan (*biology*), kapnayan (*chemistry*) at sugnayan (*physics*) na sa ngayón ay ipinaghihintay sa mgá hulíng taón ng mataás na páaralán, ay maáari nang iturò sa mgá baitáng na III hanggáng VI o VII.

Ang mgá aghám na binanggít ay hindí mahirap. Kayang-kaya siláng unawain ng mgá batang sampû hanggáng labíng-apat na taóng gulang, kung maituturò sa isaíng wikang kaugnáy ng wikang ginagamit sa tahanan at pamayanán. Ang nagpapahirap sa aghám ay ang mgá salitáng Inglés na hangò sa mgá patáy na wikang Latín at sinaunang Griyego.

Kung ang mgá batà ay nakauunawà na ng aghám sagitan ng maúgnaying talásálitaang Pilipino, madalí na niláng mapag-aaralan ang aghám sa wikang Inglés. Magíng ang wikang Inglés na rin ay madalíng matututuhan. Ang alínmang wikang banyagà ay madalíng matututuhan kung ang isip ng nag-aaral ay nasa gulang na at mayroón nang lamáng kaalamán at karunungan.

**PAGBABAGO SA MABABANG PÁARALÁN** Huwág nating maliitín ang halgá ng mababang páaralán. Sa loob ng anim o pitóng taón na itinitigil ng mgá batà sa mababang páaralán, silá ay nasa pinakamabuting panahón ng buhay upang tumanggáp at makaunawà ng kaalamán. Hutukin ang kaniláng isip. Malinis at waláng basura ang kaniláng alaala. Mabilís ang kaniláng pangmalay. Matalas ang kaniláng kawilihan. Waláng magugulóng adhikà sa kaniláng kaloóban.

Sa gulang na pitóng taón, na siyáng kadala-sang gulang ng batà sa simulá ng mababang páaralán, ang pangkaraniwang batà ay matatás na sa kanyáng sariling wikà. Supíl na niyá, bagamá't hindí niyá alám itó, ang balarilà ng nasa-bing wikà, at malaya niyáng nagagamit ang mgá pangkaraniwang salitâ sa tahanan at pamayanán. Nasasabi na niyá ang halos lahat ng maibigang sabihin. Sa mgá darating na panahón ng kanyáng buhay, walâ nang mapaparagdág sa kanyáng kasanayang pangwikà kundí kaunting kinis ng pananalitâ at malawak na talásálitaan.



Ang batang itó, sa pagitan ng mgá gulang na pitó hanggáng labíntatlo o labíng-apat na taón, ay nakahandâ nang tumanggáp ng batayáng kaalamán sa anim na pangunahing larangan ng aghám: sipnayan (*mathematics*), sugnayan (*physics*), kapnayan (*chemistry*), haynayan (*biology*), ulnayan (*social sciences*), at batnayan (*philosophy*). Subali't sa ilalim ng ating kasalukuyang paraán ng pagtuturò, siyá ay hindi tinuturuan; o hindi maturuan, ng nasabing aghám. Sa halíp ay natatapan lamang siyá ng kaunting madadalíng kaalamán tungkól sa kalúsugan, sa pamamayan at sa pagbilang.

Sa halíp na dumulang ng kaalamán, ang ating mgá batang nasa mababang páaralán ay nagsasayang ng panahón sa pagsisikap na mag-aral ng kaalamán sagitan ng isáng wikang hindi nilá naiintindihán. Dahil sa malíng pamamaraáng iyán, dahil sa paggamit ng dí tumpák na wikang panturò, ang batà ay mabagal matuto ng kaalamán at magíng ng wikang Inglés.

Hindi lamang ang batang Pilipino ang nahihirapan sa pag-aaral ng aghám sagitan ng wikang Inglés. Magíng ang mgá batang Amerikano na rin, at ang mgá batang Inglés, at patí ibáng lahing gumagamit ng wikang Inglés sa kaniláng tahanan, ay nahihirapan din. Bakit? Sapagká't ang wikang Inglés ay tigib ng mgá salitáng hangò sa mgá sinaunang Latín at Griyego, mgá salitâ mulâ sa dalawang wikang patáy na at hindi na sinasalitâ sa tahanan at sa pámayanán ng alínmang bansâ. Ang Inglés ay isáng wikang dímaúgnayin.

Daíng ng mgá batang Hapón ang mgá batang kanluranín sa pag-aaral ng aghám, sapagká't sa wikang Niponggo na ginagamit sa pagtuturò ng aghám sa mababang páaralán ay halos waláng mgá batayáng katawagáng pang-aghám na hangò sa Latín at Griyego. Lahát ng mgá pangunahing salitâ sa aghám ay hangò sa mgá salitáng-ugát at panlapi na ginagamit sa tahanan at pámayanán ng mgá batà.

Huwág nang pag-usapan ang aghám; kahit na sa pag-aaral ng pagbasa ay atrasado ang karaniwang batang Amerikano dahil sa kasálimuután ng kanyáng alpabeto at paraán ng pagbaybáy sa mgá salitâ. Sa wikang Inglés, ang pag-aaral ng "spelling" ay isáng gawaing natatapos lamang sa libingan. Magíng ang mgá palásulát at palábasá ay madalás mangailangang sumangguni sa kaniláng mgá talátinigan upang matiyák ang baybáy

ng gayón at ganitóng salitâ.

Itó ang dahilán kung bakit ang batang Pilipino ay atrasado kung ihahambíng sa batang Amerikano, at lalong atrasado kung ihahambíng sa batang Hapón. Talagáng hindi siyá matuturuan ng aghám hanggá't hindi ginagawáng wikang panturò sa buóng mababang páaralán ang kanyáng pambansáng wikà.

Hindi bago ang mungkahing itó. Makailán nang ginawâ sa mgá nakalipas na panahón, subali't hindi maipatupád dahil sa kawalán ng mgá salitáng-aghám na magagamit. Nagkaroón ng mgá palagáy na mgá salitáng Inglés at Kastila na rin ang dapat gamitin, baybayín lamang at bigkasín sa pamamaraáng hinihingi ng ating balarilà. Sa wari ko'y hindi rin mabuti ang nasabing palagáy sapagká't waláng gumagamit at gumagawâ nitó sa maayos at lansakang pamamaraán.

Subali't mulâ nang mapatatág ang Lupon sa Aghám, at makitang itó ay mananatili at magkakabunga, ay nagkaroón ng pag-asang maipatupád ang lumang mungkahi. At ngayón ngáng naryi na ang unang hipnò (*edition*) ng isáng maúgnaying talásálitaang pang-aghám na nagtataglay ng mgá 7,500 salitâ, ang dating pag-asa lamang ay nagiging katiyakan na ngayón.

Nakahandâ na tayong magsimulâ ng "himag-sík" sa pagtuturò ng aghám sa mababang páaralán.

Ipagpalagáy natin na ang tigpóng araw sa pagsisimulâ ng bagong paraán ng pagtuturò ay sa pagbubukás ng taóng pampáaraláng 1971-72, anó ang unang hakbáng na kailangang gawín ngayón?

**ANG SUSÌ SA MAÚGNAYING TALÁSÁLITAAN** Magíng sa kasalukuyan (1969) ay wikang sarili na ang ginagamit sa mgá páaraláng bayan sa buóng bansâ sa mgá Baitáng na I at II. Sásamantalahín natin ang mabuting pangyayaring itó.

Sa Baitáng I at II ay ituturò sa mgá batà ang tinatawag na Lupon na "Susì ng mgá Batà sa Wikà ng Aghám." Itó ay binubuò ng dalawang bahagi, na kapwa naglalayong mabigyán ang mgá batà ng sanligang talásálitaan (*background vocabulary*) na makapagpápabilís sa págkatuto nilá, sa mgá Baitáng III, IV, V at VI (at VII kung mayroón ni-

tó) sa 7500 salitáng nakapaloób sa “Maúgnaying Talásálitaang Pang-aghám.”

Ang Unang Bahagì ay para sa Baitáng I at ang Ikalawáng Bahagì ay para sa Baitáng II. Ang Susì ay binubuò ng 200 piniling pangkaraniwang salitáng Pilipino (kasama ang iláng salitáng dí-Tagalog) na may ganitóng urì o katangian:

- 1 mgá kasalukuyang salitáng-ugát ng Tagalog na gamitín sa aghám;
- 2 iláng matatandáng salitáng Tagalog na magagamit na ugát ng mgá salitáng pang-aghám;
- 3 iláng salitáng dí-Tagalog na inilangkáp ng Lupon sa Aghám sa Talásálitaan, bilang ugát at malápanlaping panambál;
- 4 mgá salitáng nagpapakilala sa ibá’t ibáng urì ng diín sa panuldikan ng Balarilà;
- 5 mgá salitáng nagpapakilala sa ibá’t ibáng paraán sa pagbubuò ng salitáng Pilipino (pag-uulit ng pantíg, pag-uulit ng salitâ, pagbabangháy, paglalapì, pagtatambál);
- 6 mgá salitáng nagpapakilala ng ibá’t ibáng urì ng paglalapì (inúnlapian, hinúnlapian, kábilan, ginítlapian, laguhan); at
- 7 halimbawà ng sabayang paglalapì at pagtatambál.

Ang 200 salitáng iyán na bumubuò sa una at ikalawáng bahagì ng Susì ay ituturò sa mgá batà sagitan ng mgá larò, tulâ, áwitin, pag-uusap, pag-sásalaysáy ng gurò, dulá-dulaan, paglalarawan sa mgá taltaguhit, kartelón at poster, paglahók sa mgá palátuntunan at ibá páng paraáng nakalílibáng na karaniwang ginagamit sa una at ikalawáng baitáng ng mababang páaralán. Karagdagan sa mgá salitáng kasalukuyang ginagamit ngayón, ang mgá aklát-araláng katulad ng “Pepe at Pilár” ay dapat gumamit ng mgá salitâ ng Susì, na madalí ring matutuhan nguni’t may higit na malakíng págkakaugnáy sa wikâ ng aghám.

Hindí kailangang ang 200 salitâ ng Susì ay matutuhan ng mgá batà sa kaniláng tiyák na kahulugáng pang-aghám. Hindí rin kailangan na maunawaan nilá ang mgá tumpák na anyóng pambalarilà ng mgá salitáng nasabi. Hindí natin dapat

asahan na ang mgá bagay na iyán ay maintindihán ng mgá batang nasa Baitáng I at II. Ang tangging layon ng Susì ay maitambád ang kaniláng pangingin at pandiníg, at marahil ang kaniláng pangmalay, sa 200 batayang salitáng iyán upang sa darating na mgá taón, mulâ sa Baitáng III, ay hindí silá maninibago kung kaniláng matagpuáng mulí ang nasabing mgá salitâ sa mgá gamit at kaligiráng tunay na pang-aghám.

Sagitan ng palásálitaang pantahanan at pamámayanán, na supil na ng mgá batà, at sa tulong ng 200 piniling salitâ ng Susì, ang mgá mag-aarál sa mgá Baitáng III, IV, V at VI ay madalíng makauunawa sa 7,500 maúgnaying salitáng pang-aghám ng Talásálitaan ng Lupon.

**PAGTUTURÒ SA MGÁ MAGTUTURÒ** Kasabáy ng pagtuturò sa Susì sa mgá batà ay dapat magdaos ng mgá binhísipan o seminar para sa mgá gurong magtuturò ng aghám at kaalamán sa mababang páaralán. Malawak ang saklâw ng kaalamán; dalá nitó ang kasaysayan, ang kagándahang-asal, ang pamamahalâ sa tahanan, ang pagtuturò ng wikâ. Dahil dito, ang binabalak na binhísipan ay dapat sumaklâw sa lahat ng gurò sa mababang páaralán, magíng sa mgá gurong nagtuturò ng wikang Inglés.

Sapagká’t sa mgá kalagitnaan ng Hulyo ng taóng 1971 dapat simulán ang “himagsík,” ang pahuway o bakasyóng pantag-inít na darating ang siyáng angkóp na panahón upang pagdausan ng binhísipan. Matatapos ang sinundáng mgá aralán sa hulíng linggò ng Abril kayá’t ang buóng buwán ng Mayo at Hunyo ay maáring iukol sa gagawing binhísipan.

Sa unang bahagì, o sa unang buwán, ng binhísipan ay maáring pagsamá-samahin ang lahat ng gurò ng buóng páaralán, upang matalakay ang mgá lahatáng símulain ng paksâ, at masanay sa paggamit ng mgá lansakang katawagán na kakailanganin ng lahat ng tagapágturò, magíng anumán ang kanyáng araláng tuturuan.

Sa ikalawáng bahagì, o sa ikalawáng buwán, ng binhísipan ay maáring paghiwá-hiwalayín ang mgá gurò, at pagpangkát-pangkatín nang sangayon sa kaniláng paksáng ituturò. Ang magtuturò ng sipnayan ay bubuò ng isáng pangkát, gayón din ang magtuturò ng sugnayan, atb. Sa kaniláng papangkát na pagpupulong, hindí lamang mgá salitâ at katawagán ang kaniláng dapat pag-

usapan. Silá na rin ang dapat yumari ng balangkás ng pag-aaral o “course of study” sapagká’t hindi nilá mapakikinabangan ang mgá dating balangkás na ginamit sa panahón ng pagtuturò sagitan ng wikang Inglés.

Sa ganitóng paraán ay hindi mangangailangan ng mgá tanging gurò o tagápanayám upang siyáng magturò sa mgá gurò. Ang mgá gurò na rin ang magtuturò sa kaniláng sarili, batay sa mata-tagpuán niláng mgá símulain at katawagáng nasa “Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám” ng Lupon sa Aghám.

Sagitan ng ganitóng paraán ay maáaring magkasabáy-sabáy ang pagdaraos ng binhísipan sa lahat ng mababang páaralán sa buóng Lunsód ng Maynila, o magíng sa lahat ng mgá lalawigang Tagalog. Sa mgá lalawigang dí-Tagalog ay maáaring mangailangan ng kaunting panahón upang makapangalap ng mgá gurong magtuturò ng bagong pamamaraán sa matatás na wikang Pilipino. Hindi inaakalang itó ay magiging malakíng sagwíl. Likás na magkakahawíg ang lahat ng mgá pangu-nahíng wíkain sa Pilipinas at sa “Maúgnaying Talásálitaang Pang-Aghám” ay sadyáng pinatindi ang ganyáng págkakahawíg at págkakalapít-lapít sagitan ng paggamit ng maraming salitâ mulâ sa Bisayà, Kapampangan, Bikol, Ilúko at ibá pá.

Anupá’t sa loób ng mgá dalawá o tatlong taón mulâ sa pagpapasyá ng mgá natutungkuláng pinuno, ang paggamit ng panimuláng talásálitaang panturò ay maáaring ipatupád sa buóng bayan.

**PAGHAHANDÂ NG MGÁ AKLÁT** Ang paghahanda ng mgá aklát-aralán para sa bagong pamamaraáng ito ng pagtuturò ng aghám ay isáng gawain magbibigay ng malaking halga sa mgá gurò at manunulat na Pilipino. Sa ngayon, ang kalahang bahagi ng mgá aklát at katularing babasahin ay inaangkat natin mulâ sa Banwang Pinisan o Estados Unidos. Magíng yaong pangilan-ngilan na sinusulat dito ay halos haláw lamang sa mgá aklát na sinulat ng dayuhan. Tila ba wala tayong tiwala sa mgá aklát na maári nating sulatin; para bang nananaig sa atin ang paniniwalang higit na dalúbhasà ang dayuhan sa mgá bagay na iyan.

Subali’t sa gawang pagsulat ng mgá babasahing-aghám sa wikang Pilipino, tayong

mgá katutubo sa bayang ito ang siyáng magiging pinakadalúbhasà sa buóng daigdig. Tayo ang pagtatanungan at hindi tayo ang magtatamong. Tayo ang magtatakda ng pamantayan, at hindi tayo ang manggagagad. Tayo ang magpapasya ng mgá kabaguhan at kaibahan, sa halip nang tayo ang manghihingng lagi ng pahintulot.

Bawa’t gurong Pilipino ay maáaring magíng isáng mángangathâ, isáng mánunulát, isáng mánlilikhâ.

Sa simulâ o sa unang taon ng pagpapagamit sa panimuláng talásálitaang panturò, hindi maiwasang mgá balangkas-aralán lamang ang makakayang ihanda ng mgá gurò. Ang nasabing mgá balangkas-aralán ay ibabatay nila sa mgá kapaksaán na ipagpapasya ng mgá natutungkulang pinuno ng Kagawaran ng Pagtuturò, at sa mgá salitáng matatagpuan nila sa Talásálitaang Pang-Aghám.

Maáaring mangyari na ang ilang salitáng pang-aghám na nais gamitin ng isáng gurong sumusulat ng isáng aklát o balangkas, ay wala sa 7500 laman ng Talásálitaan. Ang mgá ganyang salitâ ay dapat na kagyat na ipaalam sa Lupon sa Aghám upang matawagan nitó ang kinauukulang kublupon, na magdaraos ng dagliang pulong upang pagpasyahan ang tumpak at maúgnaying salin. Makabubuti na sinumang gurong maghaharap ng ganyang salitâ upang isalin ay magsama na ng isáng mungkahing salitâ na maisasaalangalang ng kublupon. Nguni’t hindi kanais-nais na ang masabing mungkahing salitâ ay gamitin agad ng gurò sa kanyang sinusulat na aklát o balangkas, nang walang pagsang-ayon ng Lupon sa Aghám. Kailangang maiwasan ang págkakasalungatan ng mgá anyo at pamuhatan ng mgá salitâ sa loob ng Maúgnaying Talásálitaan.

Dapat alagatain ng lahat na sa paláaghaman, ang wikang panturò ay dapat magíng maúgnayin sa dalawang paraan: bawa’t tawag ay dapat magíng maúgnayin sa mgá salitáng kahangò niyá, at ang buóng katawagan ay dapat magíng maúgnayin sa mgá ugat at panlapi ng wikang Pilipino. Subali’t ang mgá salitáng-ugat, na maáaring katutubo o hiram, ay mgá ngalan lamang kaya’t dí kailangang magíng maúgnayin sa ibáng salitâ, tangi na lamang sa págkamaúgnayin sa bigkás at baybay.

Kasumunod sa panunulat ng mgá aklát-aralán ay magiging masigla ang pagpapalimbag, paglathala at pagbibili ng mgá aklát na nasusulat sa wikang Pilipino. Matatangay na rito ang paglathala ng lahát ng uri ng mgá babasahing Pilipino, kasama na ang mgá pahayagan.

“Magkakahalga ang darak,” wikà ngà ng mgá tagálalawigan.

**TALÁARALÁN NG PAGTUTURÒ** Natalakay na natin ang mgá dahilan kung bakit dapat baguhin ang ating páтуруáang-aghám, kung papaano itó dapat baguhin, kung anong mgá bagong paksâ ang ituturò, kung paano dapat ihanda ang mgá magtuturò sagitan ng panimuláng wikang panturò, at ang mgá aklát na dapat gamitin sa nasabing pagtuturò. Ngayon namán ay talakayin natin kahit pasapyáw ang kung anong kaayusan ng mgá paksâ ang dapat masunod. Maáring gayari ang magíng anyo ng isáng taláaralán ng pagtuturò:

<b>Baitáng I</b>	Pagbása ng Wikang Pilipino Pagsúlat ng Wikang Pilipino Susì, Unang Bahagì Bilnuran Ibá páng Paksâ sa Baitáng I
<b>Baitáng II</b>	Pagbása ng Wikang Pilipino Pagsúlat ng Wikang Pilipino Susì, Ikalawáng Bahagì Bilnuran Aghám at Lusóg Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng II
<b>Baitáng III</b>	Pagbása ng Wikang Pilipino Pagsúlat ng Wikang Pilipino Bilnuran Lahatáng Aghám Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng III
<b>Baitáng IV</b>	Pagbása ng Wikang Pilipino Pagsúlat ng Wikang Pilipino Múlaing Kapnayan Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng IV
<b>Baitáng V</b>	Pánitikán ng Wikang Pilipino

	Balarilà ng Wikang Pilipino Múlaing Pánandaan Múlaing Sugnayan Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng V
<b>Baitáng VI</b>	Pánitikán ng Wikang Pilipino Balarilà ng Wikang Pilipino Múlaing Sukgisan Múlaing Haynayan Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng VI
<b>Baitáng VII</b>	Pánitikán ng Wikang Pilipino Balarilà ng Wikang Pilipino Múlaing Tatsihaan Múlaing Ulnayan Wikang Inglés Ibá páng Paksâ sa Baitáng VII

Mapapansin natin ang sumusunod na mgá katangian ng taláaraláng itó:

- 1 ipinapalagay na tiyak ang pagbabalik ng Baitáng VII sa lahát ng mababang páaralán sa hinaharap;
- 2 lahát ng mgá kapaksaán (*subjects*), mula sa Baitáng I hanggáng Baitáng VII, maliban sa wikang Inglés, ay ituturò sagitan ng wikang Pilipino;
- 3 ang wikang Inglés ay sisimuláng iturò sa Baitáng II hanggáng Baitáng VII, bilang isáng kapaksaán lamang;
- 4 ang limang pangunahing sangay ng kaaghaman (sipnayan, sugnayan, kapnayan, haynayan at ulnayan) ay ituturong lahát sa kaniláng múlaing anyô (*elementary form*) bago matapos ang Baitáng VII.

Ano ang magiging bunga ng bagong pamamaraáng itó?

Bago natin sagutin ang tanong ay suriin muna natin kung ano ang bunga ng kasalukuyang mababang páaralán. Itó ay isáng lalabing-apatang taong bata na hindì mahusay sa anumang wikà-hindì sa kanyang katutubong wikà at hindì rin sa wikang Inglés. Ang dating katatasán sa wikang sarili nang siyá ay pitóng taong gulang ay napali-



tan ng kawalang-tiwalà sa sarili, ng kakimián, at ng pagatól-gatól na págsasalitâ – bunga ng ugalì ng ilang gurò na maliitin ang sariling wikà kung ihinahambing sa Inglés. Halos wala siyáng nalalamang aghám. Hindí siyá makapágsalitâ sa harap ng madlâ. Hindí siyá angkóp para sa kahit anong gawain sa isáng tanggapan, tangi marahil sa gawain ng tagáhatíd o tagálinis. Hindí siyá masasahang magíng mabisang tagáttaguyod ng kabuhayang bansâ. Halos wala siyáng natutuhan kundi ang mgá gawi at panlasang makabanyaga, kaya't madali siyáng paglakuan ng anumang bagay, kaisipan o bilihing yari o likha sa ibáng bansâ. Siyá ay sagutin at alalahanin ng pamayanan at ng ulhong (*society*).

Sa kabilang dako, ang magiging bunga ng bagong paraan ng pagtuturò ng aghám ay isáng batang lalabing-apatang taong gulang na mahusay sa kanyang sariling wikà at may matatag na kaalaman sa mgá múlaing aghám (*elementary sciences*). Siyá ay mulát at gising, at may buóng tiwalà sa sarili. Kung kailangan ay maári siyáng mág-salitâ sa harap ng madlâ o sa ibabaw ng isáng tanghalan. Sa isáng tanggapan ay maári siyáng pakinabangan bilang isáng katulong na tagásulat. Kahit na hindí iniisip ay gumagawa siyá ng mgá kilos at kapasyahang makapagtataguyod sa kapamuhayang bansâ. Maluwag sa kanyang loob ang pagtangkilik sa mgá bagay at kaisipang yari at likha sa kanyang bayan. Siyá ay tunay na kapakinabang sa kanyang pamayanan at ulhong.

Maáring itanong: Oo ngá't ang bagong bagong iyan ng mababang páaralán ay maalam ng aghám sa maúgnaying wikang Pilipino, nguni't sino ang kakausapin niyá tungkol sa aghám sa nasabing natatanging wikà?

Sa simulâ ng palágawaang itó ay kakaunti ngá ang kanyang makakausap, liban sa kanyang mgá gurò at kamag-aral, nguni't siyá ay nag-aral din ng Inglés at kung kailangan ay sa Inglés niyá kakausapin yaong hindí pá sanay sa maúgnaying talásálitaang-aghám sa Pilipino.

Sa unang ilang taon ng "himagsik," ang pangunahing katungkulan ng aghimuing (*technical*) Pilipino ay bilang isáng panimuláng wikang panturò, subali't mabilis itóng kakalat upang magíng wikang panggawain ng mgá dalúbhasà sa aghám. Mulâ rito, ang maúgnaying talásálitaan ay unti-unting tatagas at mamamalasak sa madlâ.

Ang bagong bunga ng mababang páaralán

ay maáring magpatuloy sa mataás na páaralán at magíng sa dalúbhasaán kung kanyang nais, at kung kaya ng kanyang mgá tagapágtaguyod, dili kaya'y kapag nahandugan siyá ng isáng paaral (*scholarship*) kung namumukod ang kayang talino. Sa ganyan ay makapagpapatuloy siyá ng pag-aaral ng lalong matataás na kaalaman sagitan ng maúgnaying wikang Pilipino, ng wikang Inglés, ng Kastila, Aleman o anupamang makabagong wikà.

Subali't ipinakikita ng mgá kaulatan ng Kagawaran ng Pagtuturò na mgá 75 bahagdan ng mgá tapos sa mababang páaralán ang hindí nakapagpapatuloy ng pag-aaral. Magíng ganitó man ang kapalarang sapitin ng ating tapos sa bagong paraan ng pagtuturò, siyá ay nakahanda nang magíng isáng mabuting mamamayan, isáng tapat na ama o ina ng tahanan at isáng mabungang manggagawa o mangangalakal. Maári na niyáng ipagpatuloy sa kanyang sarili ang pagduláng ng karagdagang kaalaman, magíng sa kanyang sariling wikà o sa wikang Inglés.

At higit sa lahat, siyá ay nakaayon na sa hugis at tunguhin ng mgá bagay na darating dito sa ating bayan.

Oktubre 1969

# SUSÌ NG MGÁ BATÀ SA MAÚGNAYING TALÁSÁLITAANG PANG-AGHÂM

## UNANG BAHAGÌ

1	bilang	number	41	likô	curved, warped
2	dami	quantity	42	tumpák	proper
3	ísip	mind	43	taknâ	time
4	dagdág	increase	44	lipon	group
5	bawas	decrease	45	lináng	cultured
6	sukat	direct measurement	46	tunay	real
7	hafi	part, partition	47	linig	tone
8	awán	none, nothing	48	sukdól	extreme, maximum
9	lahát	all	49	tawag	term
10	mulâ	from, source, origin	50	nisnís	unravel, out up
11	tuós	computer	51	singkád	exact
12	táya	estimate	52	ulit	repetition
13	lutás	solve (a problem)	53	buód	summary
14	ganáp	complete	54	wastô	correct
15	tuktók	top, summit	55	tungo	direction
16	tangi	special	56	lupon	committee
17	bantók	arc	57	saysáy	narrate, relate
18	liwás	out of the ordinary	58	turing	define, definition
19	lawak	area (in general)	59	bana	husband
20	ulat	report, data	60	tungâ	center
21	lingkód	service	61	gitnâ	middle
22	uri	kind, class, type	62	ísig	force
23	larang	field	63	tulot	permission
24	latag	spread, unroll	64	hawig	similarity
25	payâk	simple	65	lawig	duration
26	gílid	edge	66	basal	abstract
27	dayag	surface	67	gansál	odd
28	tuwáng	help, assist	68	tukól	even
29	buô	whole, complete	69	tinging	sediment
30	lihís	deviating, erroneous	70	inog	rotation
31	lunan	place, location, site	71	ikot	revolution
32	unlád	development	72	sunód	next
33	lulan	capacity, load	73	kilos	motion
34	ngalan	name	74	bunga	result, product
35	lundô	center	75	lakíp	compose, composite
36	silíd	cell, room	76	balhág	imperfect
37	laraw	figure	77	labí	excess, remainder
38	masíd	observation	78	labis	excessive
39	lambál	multiple, double	79	lantáy	prime
40	buók	volume	80	bayló	change

81	angkóp	suitable, proper
82	taning	term
83	maliw	reduction
84	lukób	convexity
85	lukóng	concavity
86	siksík	dense
87	sinsín	closeness of intervals
88	butód	nucleus
89	binhî	seedling
90	bilís	speed

91	tulin	velocity
92	dasig	increase of speed
93	hunà	intelligent guess
94	kusà	voluntary
95	tiláw	trial, experiment
96	hadláng	obstacle
97	ligíd	to go around, revolve
98	singáw	vapor, steam
99	tungos	point (abstract)
100	sadyâ	intentional

## IKALAWÁNG BAHAGÌ

1	buhay	life
2	butil	grain
3	ayos	arrangement
4	tatag	organize, establish
5	tatág	firmness, stability
6	tuwíd	straight
7	hugis	shape
8	antáng	design
9	sikwáy	repel, repulse
10	dawit	involvement, include
11	galáw	motion
12	agwát	interval, distance
13	kintáy	condense
14	dagsín	gravity
15	lamíg	coldness, coolness
16	aral	lesson, teaching
17	anyô	form
18	mulí	again, repetition
19	talà	star (astronomical)
20	tingob	gather, concentrate
21	libot	around, go around
22	tinig	voice, speech sound
23	tigil	halt, stoppage
24	tandâ	sign
25	kublí	hidden, covered
26	abay	companion, aide
27	sanay	practice
28	paslíp	steel
29	balík	return, revert
30	higít	superior to
31	hanay	line (of objects, etc.)
32	lawas	body
33	gawâ	action, act, doing
34	sulúd	inside, enter
35	punò	trunk, chief

36	lagì	always, ever
37	dakô	huge, great
38	sipat	peer, see, look
39	ugnýa	connection, relation
40	lagom	collect, gather
41	hatíd	deliver, convey
42	mikmík	small things
43	daglî	instant, quick
44	tingî	singly, retail
45	tipik	particle
46	lipád	flight
47	tahás	affirmative, positive
48	iglap	short interval of time
49	tanggál	disconnect, remove
50	surî	analysis
51	talâ	note, record
52	tuhog	to pierce through
53	likhâ	create
54	likás	natural
55	bisà	effect, effectiveness
56	hasík	sowing
57	laláng	contrivance, device
58	takad	base, foundation
59	dutà	soil, earth, ground
60	sukod	indirect measure
61	tiyák	certain, certainty
62	sugâ	light
63	labáw	excess
64	takdâ	limit, boundary, term
65	baling	facing, orientation
66	tuntón	track, trace
67	aghám	science
68	sangkáp	substance
69	bumbóng	cylinder
70	bahagì	part, portion

<b>71</b>	dagitab	electricity
<b>72</b>	daigdíg	earth, world
<b>73</b>	ulnong	society (in general)
<b>74</b>	mag-aral	study
<b>75</b>	dílikás	unnatural
<b>76</b>	maanyô	formal
<b>77</b>	taluhog	axis, axle
<b>78</b>	sukatán	measuring scale
<b>79</b>	saayos	process
<b>80</b>	kaugnáy	related, joined
<b>81</b>	pamunò	leader
<b>82</b>	gawa-gawâ	artificial
<b>83</b>	dalúbhasà	expert
<b>84</b>	tagahatíd	messenger
<b>85</b>	parisukat	square

<b>86</b>	taglamíg	cold season, winter
<b>87</b>	binumbóng	cylindrical
<b>88</b>	lahatán	general
<b>89</b>	karamíhan	the majority
<b>90</b>	malábutil	granular
<b>91</b>	pásanayán	training
<b>92</b>	mag-aarál	student
<b>93</b>	tanggalín	disconnect, remove
<b>94</b>	balík-aral	review, restudy
<b>95</b>	mánlilipád	flyer, aviator
<b>96</b>	sánlibután	the universe
<b>97</b>	makadaigdíg	worldly
<b>98</b>	palábigkasan	pronunciation rules
<b>99</b>	luksúntiník	a skipping game
<b>100</b>	naglumagian	to overstay (plural)

# MGÁ BATAYÁN AT ALITUNTUNIN SA PAGHAHANDÂ NG MAÚGNAYING TALÁSÁLITAANG PANG-AGHÂM

(Pinagtibay ng Lupon sa Aghâm sa unang pulong nitó noóng Pebrero 12, 1965)

- 1 Isalin sa Pilipino ang lahát ng mgá tawag na pang-aghâm sa mauunlad na wikang banyaga, subali't yaong mgá ngalan lamang ng mgá bagay, hayop, halaman, sangkap, sukat, talà atb., na wala sa ating wikà ay hindi kailangang isalin bagama't dapat bigkasín at baybayin sang-ayon sa palábigkasan at palátitikang Pilipino. Ang mgá ngalang Latin ng mgá halaman at hayop ay patuloy na gagamitin sa katulad na paraan ng paggamit nitó sa Inglés.
- 2 Sa pagsalin ng katawagang pang-aghâm sa Pilipino ay gamitin ang mgá batas ng pagpapalawak-wikà sa ganitóng págkakasunúd-sunód:
  - A Mgá katutubong salitâ (mulâ sa Tagalog at ibáng pangunahing wíkain sa Pilipinas)
  - B Mgá hinangò o hinugot na salitâ mulâ sa mgá katutubong salitáng-ugat sa pamamagitan ng mgá panlapi, panambal at palábuuan ng wikang Pilipino.
  - C Mgá hiram na salitâ sa pamamagitan ng alinman sa apat na uri ng panghihirám:
    - I lipat-hiram o *loanshift*
    - II saling hiram o *loan translation*
    - III haluang hiram o *loan blend*
    - IV tuwirang hiram o *direct loan*
 sa pasubali na ang tuwirang hiramín sa mgá banyagang wikà ay mgá salitáng-ugat lamang, o mgá salitáng maituturing na salitáng-ugat pag pumasok na sa Pilipino.
- 3 Kung may dalawa o higit páng salitáng mapagpipilian, ang salitáng lalong maikli, maliwanag, mabisà at madaling bigkasín ang siyáng pipiliin.
- 4 Ang salin ay isunod sa nakagawiang kayarian sa Inglés o Kastila maliban kung ang ganyang pagsunod ay makapagpapaiba ng kahulugan o makagugulo sa isip ng gumagamit.
- 5 Panatilihin ang mgá salitáng palasak na at nakitang mabisà at angkóp, maliban na lamang kung may matagpuang lalong mabuti.
- 6 Iwasan ang paggamit ng mgá salitáng may diwa o tunog na katawa-tawa o kakatwâ.
- 7 Ang mgá kahawig na salitâ o tawag na ginagamit na ng alinmang kublupon ay ituring na singkahulugan.
- 8 Ang mgá tawag na hangò sa Latin o Griyego, kung nauunawaan ng marami, ay maáring gamitin bilang singkahulugan, lalo na sa pag-uusap sa mgá panimuláng panahon ng pagpapalaganap sa Maúgnaying Talásálitaang Pang-aghâm, nguni't ang mgá salitáng nasa-bi ay dapat masulat nang ayon sa palátitikan ng wikang Pilipino.
- 9 Ang Maúgnaying Talásálitaang Pang-aghâm ay para sa mgá paham, pantas at dalúbhasà sa aghâm, kaya't sa paghahanda nitó ay kailangang alagatain ang kapakanan ng nasabing mgá taong may kinalaman sa aghâm.
- 10 Sakitin na ang mgá katawagang pang-aghâm ay magtaglay ng sumusunod na mgá katangian:
  - A Tiyak ang kahulugan
  - B Malinaw ang págkakaibá sa anumang salitáng kahawig
  - C Matining (hindi pabagu-bago ang kahulugan)
  - D Maúgnayin sa anyo ng ibáng tawag na may kaugnay o katugong kahulugan
  - E Nakaugnay sa wikang sinasalitâ ng mgá batang pipituhing taong gulang
  - F Hutukin (magagamit na pangngalan, pandiwa at iba páng bahagi ng pananalita)
  - G Matapat sa kahulugan (hindi *misnomer*)

- H Mabunga (magaang bumuô ng ibáng salitâ)
- I Magaang bigkasín

## ANG MGÁ AGHÍMUING PANAMBÁL

(The Technical Combining Forms)

1	ag- ( <i>agham</i> )	science
2	alú-	recurring, circulating
3	awán- (llk.)	absence of
4	ayon-	pro, in favor of
5	babaw-	epi-
6	balí-, balík-	re-
7	balíng-, balín-	negative
8	balnì- ( <i>balani</i> )	magneto-
9	bil- ( <i>bilang</i> )	number, numeral
10	-bilos ( <i>bisang kilos</i> )	action (chemistry)
11	-bisà	effect
12	buhág-	pneumato-, of or pert. to gases
13	butúd-	karyo-, pert. to nuclei of cells
14	buúng-, buúm-, buún-	integral, whole
15	kap- ( <i>sangkap</i> )	of or pert. to chemistry
16	-kay ( <i>takay</i> )	term (of an algebraic expression)
17	kilo-	kilo-, one thousand
18	kilus-	motive (electricity)
19	kub- ( <i>kubli</i> )	sub-
20	kubús- (Hlg.)	hypo-
21	dak- ( <i>dakô</i> )	mega-
22	dagí-, dagít- ( <i>dagitab</i> )	electro-
23	dalúb- ( <i>dalúbhasà</i> )	-logy (with exceptions)
24	dam- ( <i>dami</i> )	poly-
25	danúm- (llk.)	hydro-
26	-das ( <i>landás</i> )	-ode (electrode)
27	-dayag	-hedron, surface
28	dí- ( <i>hindí</i> )	non-
29	-dinsol	-phyll
30	dípa- ( <i>hindí pá</i> )	pre-
31	du- ( <i>dutà</i> , Hlg.)	geo-
32	duha-, duhàn- (Bis.)	bi-, di-
33	-dulan ( <i>sukdulan</i> )	extreme position or degree
34	gantí-, gantím-	counter-
35	gi- ( <i>gilid</i> )	side of geometric plane figure
36	git- ( <i>gitnâ</i> )	mid-
37	halí-, halím, halín- ( <i>halip</i> )	dis-

38	hating-, hatím-, hatín- .....	fraction
39	hay-, -hay ( <i>buhay</i> ) .....	bio-
40	hig- ( <i>higit</i> ) .....	super-
41	init- .....	thermo-
42	isa- .....	mono-
43	laban- .....	anti-
44	labás- .....	external (static)
45	labáw- .....	meta-
46	lakdáw- .....	ultra-
47	lagum- .....	syn-
48	lapyá- .....	plano-
49	lik- .....	physico-
50	lihuk- .....	kinematic
51	lim- ( <i>limá</i> ) .....	penta-
52	lip- ( <i>lipi</i> ) .....	phylo-
53	lipat- .....	transfer
54	lit- ( <i>liít</i> ) .....	a small measure
55	loób- .....	internal (static)
56	luntí- .....	chloro-
57	luwás- .....	supra-, outgoing, extra-, external (dynamic)
58	mik- ( <i>mikmík</i> ) .....	micro-
59	múl-, múla- ( <i>múlaan</i> ) .....	elementary, proto-
60	mulí-, mulíng-, mulím-, mulín- .....	re-
61	-nayan ( <i>hanayan</i> ) .....	ending for the six principal sciences
62	ngibám- .....	transfer, trans-
63	nim- ( <i>anim</i> ) .....	hexa-
64	-nuran ( <i>sunuran</i> ) .....	order, sequence
65	pagká- .....	post-
66	palí- ( <i>palít</i> ) .....	re-
67	parí- .....	equal
68	pat- ( <i>apat</i> ) .....	tetra-
69	pit- ( <i>pito</i> ) .....	hepta-
70	pul- ( <i>pulù</i> ) .....	deca-
71	pulí- .....	vice-
72	salí- ( <i>salimuót</i> ) .....	complexity
73	sampaw- .....	over-
74	salin- .....	trans- (transfer)
75	sang-, sam-, san- .....	unity or totality
76	saríl- ( <i>sarili</i> ) .....	self-, auto-
77	sig- ( <i>isig</i> ) .....	mechano-
78	-sigan .....	-dynamics
79	-sihà .....	-gon
80	síng- .....	equality, sameness



81	sip- ( <i>isip</i> )	mathematico-
82	sukdúl-	hyper-, maximum
83	sug-	energetics
84	suga-	photo-
85	sulúd-	infra-, ingoing, intra-, internal (dynamic)
86	-sunuran	order, sequence
87	talá-	graph, table
88	-talà	astro-
89	taltág- ( <i>talatag</i> )	display, array
90	tat-, tatlú- ( <i>tatlo</i> )	tri-
91	tawíd-	cross-
92	tim- ( <i>itim</i> )	mela-
93	timug-	south-, austro-, australo-
94	ul-, ulnú- ( <i>ulnong</i> )	socio-
95	wal- ( <i>waló</i> )	octa-
96	-yô ( <i>anyô</i> )	-form

# ANG MGÁ PANLAPING MADALÁS GAMITIN

(The Frequently Used Affixes)

## MAKÁNGALAN

(Nominal)

- |                          |                                 |
|--------------------------|---------------------------------|
| 1 -ag-                   | 21 pagtag-                      |
| 2 -al-                   | 22 págka-                       |
| 3 -an (-han, -nan)       | 23 págka- ... -an (-han)        |
| 4 ka-                    | 24 pang- (pam-, pan-)           |
| 5 ka- ... -an (-han)     | 25 pani-                        |
| 6 hi-                    | 26 palá-                        |
| 7 -in (-hin, -nin), -in- | 27 palá- ... -an (-han)         |
| 8 mag-                   | 28 pati-                        |
| 9 mang- (mam-, man-)     | 29 pati- ... -an (-han)         |
| 10 -on, -non             | 30 sa-                          |
| 11 pa-                   | 31 sang- (sam-, san-)           |
| 12 pa- ... -an (-han)    | 32 sang- ... -an (-han)         |
| 13 paki-                 | 33 sangka- ... -an (-han)       |
| 14 paki- ... -an (-han)  | 34 tag-                         |
| 15 pag-                  | 35 tagá- (tagapág-, tagapágpa-) |
| 16 pag- ... -an (-han)   | 36 tagi-                        |
| 17 paghi-                | 37 tagu-                        |
| 18 pagma-                | 38 -um-                         |
| 19 pagpa-                |                                 |
| 20 pagsa-                |                                 |

## MAKÁDIWÀ

(Verbal)

- |             |              |
|-------------|--------------|
| 1 i-        | 12 magka-    |
| 2 in-, -in- | 13 magkang-  |
| 3 ipa-      | 14 maging-   |
| 4 ipaki-    | 15 magpa-    |
| 5 ipag-     |              |
| 6 ma-       | 16 magpaka-  |
| 7 mapa-     | 17 magpati-  |
| 8 mapasa-   | 18 magsa-    |
| 9 maka-     | 19 magsi-    |
| 10 maki-    | 20 mang-     |
| 11 mag-     | 21 paki-     |
|             | 22 um-, -um- |

## MAKÁURÌ

(Adjectival)

- |    |                    |    |                      |
|----|--------------------|----|----------------------|
| 1  | -an (-han)         | 11 | maía-                |
| 2  | ka-                | 12 | mang-                |
| 3  | ka- ... -an (-han) | 13 | mapag-               |
| 4  | ka- ... -in (-hin) | 14 | mapang-              |
| 5  | kay-               | 15 | pa-                  |
| 6  | -in                | 16 | pa- ... -in (-hin)   |
| 7  | ma-                | 17 | palá-                |
| 8  | ma- ... -an (-han) | 18 | palá- ... -in (-hin) |
| 9  | ma- ... -in (-hin) | 19 | pang-                |
| 10 | maka-              | 20 | pinaka-              |

## MAKÁABAY

(Adverbial)

- |   |                      |   |         |
|---|----------------------|---|---------|
| 1 | ka-                  | 6 | pa-     |
| 2 | kapág-               | 7 | sa-     |
| 3 | dí-                  | 8 | samaka- |
| 4 | ga- (gaga-, ganggá-) | 9 | kina-   |
| 5 | maka-                |   |         |

## MAKÁHALÍP

(Pronominal)

- 1 ka-

## MGÁ DAGLÁT SA BAHAGING PILIPINO

1	Pil. ....	Pilipino
2	Tag. ....	Tagalog
3	Mat. Tag. ....	Matandang Tagalog (galing sa NSL)
4	Bis. ....	Bisayà
5	Hlg. ....	Hiligaynon
6	Sgb. ....	Sugbuhanon
7	Bkl. ....	Bikol
8	Kpn. ....	Kapampangan
9	Ilk. ....	Ilúko
10	Wry. ....	Waray
11	Png. ....	Panggasinan
12	Mar. ....	Maranaw
13	Mgd. ....	Magindanaw
14	Ibg. ....	Ibanag
15	Ibt. ....	Ibatan
16	Ing. ....	Inglés
17	Kas. ....	Kastila
18	Mal. ....	Malay
19	Ins. ....	Insík
20	Nip. ....	Niponggo
21	Sk. ....	Sanskrito
22	Per. ....	Persano
23	Ar. ....	Arabe
24	Al. ....	Aleman
25	Pr. ....	Pranses
26	atb. ....	at ibá pá
27	hbw. ....	halímbawà
28	dgt. ....	daglat
29	isp. ....	isinaspian
30	hip. ....	hipno
31	bal. ....	balarilà
32	dbwn. ....	dalúbwikaán
33	ag. ....	aghám
34	sip. ....	sipnayan
35	sug. ....	sugnayan
36	kap. ....	kapnayan
37	hay. ....	haynayan
38	ul. ....	ulnayan
39	bat. ....	batnayan
40	pln. ....	pangngalan
41	pdw. ....	pandiwa

42	pri. ....	pang-uri
43	pby. ....	pang-abay
44	pky. ....	pantukoy
45	plp. ....	panghalip
46	pkl. ....	pang-ukol
47	ptg. ....	pangatnig
48	pkp. ....	pang-angkop
49	pdm. ....	pandamdám
50	Gro. ....	Gurò ( <i>Teacher</i> )
51	U/Gro. ....	Ulong-gurò ( <i>Head Teacher</i> )
52	P/Gro. ....	Punong-gurò ( <i>Principal</i> )
53	Dtro. ....	Dalúbturò ( <i>Instructor</i> )
54	Kwk. Dtro. ....	Kawaksíng Dalúbturò ( <i>Assistant Instructor</i> )
55	Dgro. ....	Dalúbgurò ( <i>Professor</i> )
56	Kwk. Dgro. ....	Kawaksíng Dalúbgurò ( <i>Assistant Professor</i> )
57	Kas. Dgro. ....	Kasamang Dalúbgurò ( <i>Associate Professor</i> )
58	Dpno. ....	Dalúbpunò ( <i>Dean</i> )
59	Kwk. Dpno. ....	Kawaksíng Dalúbpunò ( <i>Assistant Dean</i> )
60	Mggl. ....	Manananggol
61	Mggt. ....	Manggagamot
62	Plo. ....	Pangulo
63	Tgpló. ....	Tagápangulo
64	SWP	<b>Surian ng Wikang Pambansa:</b> <i>An English-Tagalog Dictionary</i> . Bureau of Printing: Maynila, 1960.
65	JVP	<b>Jose Villa Panganiban:</b> <i>Talahuluganang Pilipino-Inglés</i> . Kawanihan ng Palimbagan: Maynila, 1966.
66	NSL	<b>Juan de Noceda &amp; Pedro Sanlucar:</b> <i>Vocabulario de la Lengua Tagala</i> . Palimbagan ni Ramirez at Giraudier: Maynila, 1860.
67	PSL	<b>Pedro Serrano Laktaw:</b> <i>Diccionario Tagalog-Hispano</i> . Limbagan nina De Santos at Bernal: Maynila, 1914.
68	ETD	<b>Eusebio T. Daluz:</b> <i>Filipino-English Vocabulary</i> . Palimbagan ni Juan Martinez: Maynila, 1915.
69	LJE	<b>Leo James English:</b> <i>English-Tagalog Dictionary</i> . Department of Education: Manila, 1965.
70	PMA	<b>Philippine Medical Association:</b> <i>Medical Nomenclature in the Philippine National Language</i> . Journal of the PMA: Nobyembre 1953.
71	k/n	kasunò ng
72	s/n	sagitan ng (ni)

## MGÁ DAGLÁT SA BAHAGING INGLÉS

1	n. ....	noun
2	v. ....	verb
3	adj. ....	adjective
4	astron. ....	astronomy
5	arith. ....	arithmetic
6	math. ....	mathematics
7	geom. ....	geometry
8	hist. ....	history
9	pol. ....	politics
10	min. ....	mineralogy
11	bot. ....	botany
12	zool. ....	zoology
13	mech. ....	mechanics
14	bio. ....	biology
15	chem. ....	chemistry
16	socio. ....	sociology
17	anat. ....	anatomy
18	econ. ....	economics
19	anal. ....	analytics
20	ling. ....	linguistics
21	lit. ....	literature
22	psy. ....	psychology
23	elec. ....	electricity
24	phys. ....	physics
25	sc. ....	science
26	br. ....	branch
27	tech. ....	technical
28	org. ....	organization
29	ord. ....	ordinary
30	gen. ....	general
31	lim. ....	limited
32	pert. ....	pertaining
33	abbr. ....	abbreviation
34	inc. ....	incorporated
35	fig. ....	figure

# 2

## SIPNAYAN

---

Lahatáng Sipnayaning Katawagán . . . . .	39
Palátangkasan . . . . .	43
Bilnuran . . . . .	45
Sukgisan . . . . .	49
Pánandaan . . . . .	54
Tatsíhaan . . . . .	59
Táyahan . . . . .	62
Paláúlatan . . . . .	65
Palátumbasan . . . . .	70
Mgá Ísahin ng Sukat at Sukod . . . . .	72
Mgá Sipnayaning Panandâ . . . . .	73
Ang Abakadang Griyego Bilang Sipnayaning Panandâ . . . . .	74

---

## LAHATÁNG SIPNAYANING KATAWAGÁN

(General Terminology in Mathematics)

1	mathematics .....	sipnayan ( <i>isip</i> , <i>Bis.</i> , bilang + <i>hánayan</i> )
2	mathematical (adj., 1) .....	sipnayin
3	mathematical (adj., 2) .....	sipnayanin
4	mathematical worker .....	máninipnáy
5	mathematician .....	sipnayanon
6	theory of sets .....	palátangkasan
7	arithmetic .....	bilnuran ( <i>bilang</i> + <i>súnuran</i> )
8	geometry .....	sukgisan ( <i>sukat</i> + <i>hugis</i> + <i>-an</i> )
9	plane geometry .....	lapyáng sukgisan
10	solid geometry .....	siksíng sukgisan
11	algebra .....	pánandaan ( <i>pa-</i> + <i>tandâ</i> + <i>-an</i> )
12	trigonometry .....	tatsihaan ( <i>tatló</i> + <i>sihà</i> - <i>an</i> )
13	plane trigonometry .....	lapyáng tatsihaan
14	spherical trigonometry .....	timbúluging tatsihaan
15	calculus .....	táyahan ( <i>tayá</i> + <i>-han</i> )
16	differential calculus .....	tíngiring táyahan
17	integral calculus .....	láguming táyahan
18	statistics .....	paláúlatan
19	theory of equations .....	palátumbasan
20	higher mathematics .....	higsipnayan
21	computation .....	tuós, pagtutuós
22	compute .....	tuusín, magtuós
23	computer .....	panuós
24	accounting (sc.) .....	(dalúb) túusan
25	accounting (office) .....	pátuusán
26	accountancy (profession) .....	palátuusan
27	calculation .....	tayá, pagtayá
28	calculate .....	tayahín, magtayá
29	calculator .....	pantayá
30	rule .....	panuto
31	rule (drafting tool) .....	galod
32	slide rule .....	dulás-galod
33	abacus .....	bilangán
34	test (n.) .....	subok, pagsusubok
35	test (v.) .....	subúkin
36	examination .....	sulit, pagsusulit
37	give an examination on .....	sulitin sa



38	score	lubig
39	check (n.)	tsek
40	check (v.)	tsekín (may tuwirang layon), tsekán (may dífu-wirang layon), magtsèk (balintiyák)
41	check mark	gurlít-tsek
42	problem	lútasin
43	exercise	sánayin
44	known	alám
45	unknown	díalám
46	given	ibinigáy
47	to find	hanápin
48	quantity to be found	hánapin
49	prove (v.)	patunayan
50	to prove:	ang patutunayan:
51	statements	mgá saád
52	reasons	mgá matwíd
53	solve	lutasín
54	solution	kalutasán
55	answer	sagót
56	result	kinálabasán
57	definition	turing, katuringan
58	define (v.)	turingan
59	definite	turing
60	definitely	paturíng
61	indefinite	díturing
62	indefinitely	padíturing, dípaturíng
63	complete	ganáp
64	incomplete	díganáp
65	exact	singkád
66	inexact	dísingkađ
67	error	malí, kamálian
68	correct (adj.)	wastô
69	incorrect	díwastô
70	correct (v.)	wastuhín, iwastô, magwastô
71	correction	sawastô, pagwawastô
72	right	tamà
73	wrong	dítamà
74	discrepancy	bisô
75	fault	sala, bisala
76	extreme (n.)	sukdulan
77	extreme (adj.)	sukdulin
78	deduction	awás, pag-aawás
79	deduct	awasín

80	single .....	inisá, ísahan
81	double .....	dinalawá, dálwahan
82	triple .....	tinatló, tatluhan
83	quadruple .....	inapat, ápatan
84	equal (adj.) .....	katumbás
85	unequal (adj.) .....	díkatumbás
86	equals, is equal to .....	tumbás, ay tumbás ng
87	unequal, is unequal to .....	dítumbás, ay dítumbás ng
88	infinity .....	awanggán ( <i>awán</i> + <i>hanggán</i> )
89	infinite (adj.) .....	awángganin
90	finite (adj.) .....	hanganin
91	unit .....	íshin
92	unity .....	isá
93	inverse (adj.) .....	baligtád
94	inverse (n.) .....	kabaligtarán
95	invert (v.) .....	baligtarín
96	inversion .....	pagbaligtád
97	reverse (adj.) .....	tumbalík
98	reverse (n.) .....	katumbalikán
99	reverse (v.) .....	tumbalikín
100	reversible .....	tumbálikin
101	reversion .....	pagtumbalík
102	converse (adj.) .....	balianyô ( <i>balík</i> + <i>anyô</i> )
103	converse (n.) .....	kabalinyuán
104	conversely .....	pabalinyô
105	conversion .....	pagbalinyô
106	comparison .....	hambíng, paghahambíng
107	comparative .....	hambingin
108	comparatively .....	pahambíng
109	diagram .....	gúhitin
110	illustration .....	larawang-guhit
111	chart .....	taltaguhit ( <i>talatag-guhit</i> )
112	graph .....	talángguhit
113	table (of figure, data, etc.) .....	talay
114	tabulation .....	taláhanayan, tálayan
115	tabulate (v.) .....	talayin, italay
116	entry (in a math. table) .....	pasok (sa sipnayang talay)
117	mathematical method .....	sipnayang pamamaraán
118	model .....	tularán
119	mathematical model .....	sipnayang tularán
120	formula .....	sanyô ( <i>isáng anyô</i> )
121	empirical .....	másirin

<b>122</b>	empirical formula .....	másiring sanyô
<b>123</b>	mark .....	gurlít
<b>124</b>	sign .....	tandâ, panandâ
<b>125</b>	notation .....	halat
<b>126</b>	symbol .....	sagisag
<b>127</b>	denote .....	ihalat, halatin
<b>128</b>	amount .....	daghán (Sgb.)
<b>129</b>	value .....	halgá (halagá)
<b>130</b>	magnitude .....	dakíl (dakél, Ilk.)
<b>131</b>	direction .....	tungo
<b>132</b>	measurement .....	sukat
<b>133</b>	dimension .....	sukod (Bis.)
<b>134</b>	time .....	tión (Hlg.)
<b>135</b>	quantity .....	dami
<b>136</b>	standard quantity .....	pámantayang dami
<b>137</b>	quality .....	kaurián
<b>138</b>	characteristic .....	katángian
<b>139</b>	property .....	angkín, kaangkinán
<b>140</b>	common .....	pambálaná, bálaná
<b>141</b>	identical .....	kasiyángá
<b>142</b>	similar .....	hawíg, kahawíg
<b>143</b>	similarity .....	pagkákahawíg

# PALÁTANGKASAN

(Theory of Sets)

1	set .....	tangkás
2	theory of sets .....	palátangkasan
3	algebra of sets .....	pánandaan ng tangkás
4	element .....	mulhagì ( <i>mulaang bahagi</i> )
5	element of a set .....	mulhagì ng isáng tangkás
6	member .....	kabilang
7	member of a set .....	kabilang ng isáng tangkás
8	pair .....	kapid (Bis.)
9	ordered pair .....	kapid na ayós
10	finite number of elements .....	hangganing bilang ng mgá mulhagì
11	finite set .....	hangganing tangkás
12	infinite number of elements .....	awágganing bilang ng mgá mulhagì
13	infinite set .....	awágganing tangkás
14	set notation .....	halat ng tangkás
15	roster (publication) method .....	pamamaraáng patalay
16	rule (defining property) method .....	pamamaraáng paturíng
17	set of numbers .....	tangkás ng mgá bilang
18	set of positive integers .....	tangkás ng mgá tahás na buúmbilang
19	subset .....	kubtangkás
20	proper subset .....	angkóp na kubtangkás
21	unit set .....	ísahing tangkás
22	empty (null) set .....	waláng-lamáng tangkás
23	disjoint set .....	diugnáy na tangkás
24	equivalent .....	kahalgá
25	equivalence .....	pagkákahalgá
26	equivalent set .....	kahalgáng tangkás
27	universal set .....	lahatáng tangkás
28	complement of a set .....	kapunô ng isáng tangkás
29	one-to-one correspondence .....	sungkád (NSL) (isá-sa-isáng tugunan)
30	Venn Diagram .....	Gúhiting Venn
31	operation .....	sakilos
32	operation on sets .....	sakilos sa mgá tangkás
33	operator .....	pakilos
34	union of two sets .....	kaisahán ng dalawáng tangkás
35	intersection .....	bagtás
36	intersection of two sets .....	bagtás ng dalawáng tangkás
37	reflexive property .....	kaangkináng pabalík

38	symmetric property .....	kaangkináng parianyuín
39	transitive property .....	kaangkináng palipát
40	addition property .....	kaangkináng paragdag
41	multiplication property .....	kaangkináng parami
42	reflexivity .....	pagkápabalík
43	transitivity .....	pagkápaliipát
44	closed .....	piníd
45	closure property .....	kaangkináng piníd, kapinran
46	associative .....	ugnayin
47	associativity .....	pagkáúgnayin
48	associative law .....	ugnaying batás
49	commutative .....	pálitin
50	commutativity .....	pagkápálitin
51	commutative law .....	pálitin batás
52	distributive .....	báhagihín
53	distributivity .....	pagkábáhagihín
54	distributive law .....	báhagihing batás
55	inverse operation .....	kabaligtarang sakilos
56	additive inverse .....	dagdaging kabaligtaran
57	multiplicative inverse .....	páramihing kabaligtaran
58	truth set .....	tangkás ng katutuhanan
59	solution .....	tangkás ng kalutasán

# BILNURAN

(Arithmetic)

1	arithmetic .....	bilnuran ( <i>bilang + súnuran</i> )
2	number .....	bilang
3	order .....	kasunrán
4	numbering .....	kabilangán, pagbibiláng
5	numeral .....	pambilang
6	numerically .....	pabílangin
7	numerology .....	palábilangán
8	digit .....	tambilang
9	operation .....	sakilos
10	operator .....	pakilos
11	four fundamental operations .....	apat na batayáng sakilos
12	addition .....	paláragdagan
13	subtraction .....	palábawasán
14	multiplication .....	paláramihán
15	division .....	paláhatián
16	add .....	magdagdág
17	subtract .....	magbawas
18	multiply .....	magparami
19	divide .....	maghati
20	sign .....	tandâ, panandâ
21	plus, + .....	dagdág
22	minus, - .....	bawas
23	plus or minus, ± .....	dagdág o bawas
24	times, × .....	maká
25	divided by, ÷ .....	hatiin sa
26	plus sign .....	tandáng dagdág
27	minus sign .....	tandáng bawas
28	80 plus or minus 5 .....	80 dagdág o bawas 5
29	positive sign .....	tandáng tahás
30	negative sign .....	tandáng balíng
31	sign of addition .....	tandâ ng paláragdagan
32	sign of subtraction .....	tandâ ng palábawasán
33	sign of multiplication .....	tandâ ng paláramihán
34	sign of division .....	tandâ ng paláhatián
35	five plus three .....	limá dagdág tatló
36	five minus three .....	limá bawas tatló
37	five times three .....	limá paramihin ng tatló, limá maká tatló

38	five divided by three .....	limá hatiin sa tatló
39	five over three .....	limá sa ibabaw ng tatló
40	carry (in long addition) .....	dalín (sa mahabang paláragdagan)
41	carry five .....	dalá limá
42	addend .....	panagdág
43	sum .....	dagup (llk.)
44	total .....	kabuuán
45	augend .....	dagdagin
46	deduct .....	awasín
47	minuend .....	báwasin
48	subtrahend .....	pamawas
49	difference .....	kaibhán
50	multiplicand .....	dámihin
51	multiplier .....	parami
52	product .....	bunga
53	dividend .....	hátin
54	divisor .....	pahatì
55	quotient .....	kahatián
56	remainder .....	labí
57	divisible .....	mahahatì
58	divisibility .....	pagkáhátin
59	part .....	hatì, kahatì, bahagi
60	one-half .....	kalahatì
61	classification of numbers .....	paláurián ng mgá bilang
62	counting number .....	bilang na panalatag
63	natural number .....	bilang na likás
64	even .....	tukól (SWP)
65	even number .....	bilang na tukól
66	odd .....	gansál (SWP)
67	odd number .....	bilang na gansál
68	cardinal number .....	bilang na paulát
69	ordinal number .....	bilang na panunód
70	abstract number .....	bilang na basal
71	rational number .....	bilang na tagwayin
72	irrational number .....	bilang na dítagwayin
73	imperfect number .....	bilang na balhág (NSL)
74	prime number .....	bilang na lantáy, bilang na balhò (Mat. Tag.)
75	composite number .....	bilang na pináglakíp
76	rectangular number .....	bilang na paritadlúngin
77	triangular number .....	bilang na tatsíhain
78	clock (modular*) arithmetic .....	bilnurang taknain
79	integer .....	buúmbilang
80	zero .....	awán, sero

<b>81</b>	the zero integer .....	ang awáng buúmbilang
<b>82</b>	consecutive integer .....	kasunod na buúmbilang
<b>83</b>	consecutive integers .....	magkákasunód na buúmbilang
<b>84</b>	consecutive even integers .....	magkákasunód na tukól na buúmbilang
<b>85</b>	consecutive odd integers .....	magkákasunód na gansál na buúmbilang
<b>86</b>	fraction .....	hatímbilang
<b>87</b>	fractional (adj.) .....	hatímbilangín
<b>88</b>	integral (adj., arith.) .....	buúmbilangín
<b>89</b>	fractional part .....	bahaging hatímbilangín
<b>90</b>	integral part .....	bahaging buúmbilangín
<b>91</b>	numerator .....	panakdâ
<b>92</b>	denominator .....	pamahagî
<b>93</b>	similar fractions .....	hawíg na hatímbilang
<b>94</b>	proper fraction .....	angkóp na hatímbilang
<b>95</b>	improper fraction .....	dí-angkóp na hatímbilang
<b>96</b>	compound fraction .....	langkaping hatímbilang
<b>97</b>	decimal fraction .....	sampung hatímbilang
<b>98</b>	decimal .....	sampung
<b>99</b>	decimal system .....	pánampung, sampung kaayusán
